# 2

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Tagalog

### Patnubay ng Guro

Ang kagamitan sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publiko at pribadong paaralan, kolehiyo, at / o unibersidad. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

**Kagawaran ng Edukasyon**
**Republika ng Pilipinas**

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalawang Baitang**
**Patnubay ng Guro**
**Unang Edisyon, 2013**
**ISBN: ___________**

**Paunawa hinggil sa karapatang-sipi**. Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala (*publisher*) at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Br. Armin A. Luistro FSC
Pangalawang Kalihim: Yolanda S. Quijano, Ph.D.

**Mga Bumuo ng Patnubay ng Guro**

**Consultant**: Jennifer Ellazar-Lopez

**Mga Manunulat:** Victoria Guia-Biglete, Maria Carla Mabulay-Caraan, Rolan Baldonado Catapang, Isabel Monterozo-Gonzales

**Tagasuri**: Erico M. Habijan, Ph.D.

**Layout Artist:** Leah David Bongat
**Illustrator**: Raymond Sabarez Bermudez

**Inilimbag sa Pilipinas ng ____________**

**Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)**
Office Address: 2nd Floor Dorm G, Philsports Complex
Meralco Avenue, Pasig City
Philippines 1600
Telefax: (02) 634-1054 o 634-1072
E-mail Address: imcsetd@yahoo.com

# TALAAN NG NILALAMAN

## YUNIT 1: Pananagutang Pansarili at Pagiging Kasapi ng Pamilya


| Mga Aralin | Pahina |
|---|---|
| **Kabuuang Pananaw** ................................................ | 1 |
| **Aralin 1**: Kakayahan Mo, Ipakita Mo! .................. | 3 |
| **Aralin 2**: Kakayahan Mo, Paunlarin Mo! ............... | 6 |
| **Aralin 3**: Kakayahan Ko, Pagbubutihin Ko! ........... | 10 |
| **Aralin 4**: Kakayahan Ko, Pahahalagahan Ko! ..... | 13 |
| **Aralin 5**: Tik-tak: Oras Na! ........................................ | 16 |
| **Aralin 6**: Gawain: Tapusin at Ayusin ....................... | 19 |
| **Aralin 7**:Ito'y Atin, Alagaan Natin! .......................... | 22 |
| **Aralin 8**: Tuntunin: Dapat Sundin! ........................... | 25 |
| **Aralin 9**: Sundin Para sa Bayan Natin .................... | 29 |


## YUNIT 2: Pakikipagkapwa


| Mga Aralin | Pahina |
|---|---|
| **Kabuuang Pananaw** ............................................... | 32 |
| **Aralin 1**: Kaibigan, Maging Sino Ka Man ............. | 34 |
| **Aralin 2**: Kaibigang Hindi Kakilala .......................... | 39 |
| **Aralin 3**: Tingnan Mo Kaibigan ............................... | 42 |
| **Aralin 4**: Sa Salita at Gawa: Ako'y Magalang ..... | 45 |
| **Aralin 5**: Kapwa Ko, Igagalang Ko! ....................... | 48 |
| **Aralin 6**: Kapwa Ko, Mahal Ko ............................... | 51 |
| **Aralin 7**: Ako ay Batang Matulungin .................... | 54 |
| **Aralin 8**: Malasakit Mo, Natutukoy at Nararamdaman Ko! ................................ | 56 |
| **Aralin 9**: Pagmamahal Ko, Pinapakita at Ginagawa Ko ........................................... | 60 |

## YUNIT 3: Pagmamahal sa Bansa at Pakikibahagi sa Pandaigdigang Pagkakaisa


| Mga Aralin | Pahina |
|---|---|
| **Kabuuang Pananaw** ................................................ | 63 |
| **Aralin 1**: Karapatan Mo, Karapatan Ko! ................ | 65 |
| **Aralin 2**: Karapatan Ko, Kasiyahan Ko! .................. | 68 |
| **Aralin 3**: Salamat sa Karapatan! ............................ | 71 |
| **Aralin 4**: Hinto, Hintay, Tawid! ................................. | 74 |
| **Aralin 5**: Basura Mo, Itapon ng Wasto! .................. | 77 |
| **Aralin 6**: Luntiang Paligid Mo, Ligaya sa Puso Ko! | 80 |
| **Aralin 7**: Kalinisan at Kaayusan sa Paaralan, Pananatilihin Ko! ........................................ | 83 |
| **Aralin 8**: Kalinisan at Kaayusan sa Pamayanan, Pananagutan Ko!........................................ | 86 |
| **Aralin 9**: Kapayapaan sa Bayan Ko! ..................... | 89 |


## YUNIT 4: Pananalig sa Panginoon at Presensya ng Kabutihan


| Mga Aralin | Pahina |
|---|---|
| **Kabuuang Pananaw** ................................................ | 91 |
| **Aralin 1**: Salamat Po Panginoon! .......................... | 92 |
| **Aralin 2**: Biyayan Pahahalagahan Ko! .................. | 95 |
| **Aralin 3**: Kakayahan Ko, Gagamitin Ko. ................ | 98 |
| **Aralin 4**: Talino at Kakayahan Ko, Ibabahagi Ko.. | 101 |
| **Aralin 5**: Kasiyahan Ko, Tulungan Ang Kapwa Ko. | 105 |
| **Aralin 6**: Kakayahan at Talino Mo, Paunlarin mo! | 109 |

# Yunit 1
# Pananagutang Pansarili at Pagiging Kasapi

**Kabuuang Pananaw**

Isang tanyag na awitin ang "Pananagutan". Ang awiting ito ay nagpapaalala sa ating lahat ng ating mga tungkulin hindi lamang sa ating sarili kundi na rin sa ating kapwa at higit sa lahat sa Panginoong lumikha.

Tayo ay nilikha ng Diyos na may kanya-kanyang kakayahan at katangian na dapat tuklasin, paunlarin at gamitin sa maayos na paraan upang maging kasiya-siyang bahagi ng pamilya, pamayanan at higit sa lahat maging mabuti sa paningin ng Poong Lumikha.

Ang mga mabubuting katangiang tulad ng pagkilala sa sarili, pagkakabuklod o pagkakaisa, at pagkakaroon ng disiplina ang siyang higit na kinakailangan sa kasalukuyang panahon. Ito ang nakikitang mahalagang kasagutan sa lumalalang problema ng bawat pamayanan o bansa.

Ang pagkakaroon ng disiplina sa sarili ng bawat mamamayan ay nagdudulot ng kaayusan, kaginhawahan, at kaunlaran ng pamayanang ating kinabibilangan.

Upang matugunan ang pananaw na ito, ang unang yunit ay hinati sa siyam na aralin:

Aralin 1: Kakayahan Mo, Ipakita Mo!
Aralin 2: Kakayahan Mo, Paunlarin Mo!
Aralin 3: Kakayahan Ko, Pagbubutihin Ko!
Aralin 4: Kakayahan Ko, Pahahalagahan Ko!
Aralin 5: Tik-tak: Oras na!
Aralin 6: Gawain: Tapusin at Ayusin
Aralin 7: Ito'y Atin, Alagaan Natin!
Aralin 8: Tuntunin: Dapat Sundin!
Aralin 9: Sundin Para sa Bayan Natin

Sa pagtatapos ng mga aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

a. Naisakikilos ang sariling kakayahan sa iba't ibang pamamaraan: pag-awit, pagguhit, pagsayaw, pakikipagtalastasan, at iba pa;
b. Napapahalagahan ang kasiyahang naidudulot ng pagpapamalas ng kakayahan;
c. Naiisa-isa ang mga tuntunin at pamantayang itinakda sa paaralan at pamayanan tulad ng pagpasok sa tamang oras, pagtapos ng gawain, at paggamit ng mga pampublikong kagamitan (pasilidad); at
d. Nakasusunod sa mga tuntunin sa paaralan at pamayanan gaya ng paggamit ng tamang laruan, pagsasauli ng mga bagay na kinuha, at iba pa.

Iminumungkahing talakayin ang mga araling ito sa Yunit 1 sa loob ng siyam (9) na linggo o sa unang kwarter ng taon.

# Aralin 1
# Kakayahan Mo, Ipakita Mo!

**Layunin:** Naisasakilos ang sariling kakayahan sa iba't ibang pamamaraan.

**Paksa:** Pagkilala sa Sarili

**Nakalaang oras:** 30 minuto sa bawat araw sa loob ng isang lingo

**Mga kagamitan:** larawan, krayola

**Pamamaraan**




1. Bilang paunang gawain, ipaawit sa mga bata ang "Kumusta ka". Lagyan ito ng aksiyon.
2. Magkaroon ng pagpapakilala sa sarili. Hikayatin ang mga bata na sabihin sa pagpapakilala ang natatangi nilang kakayahan.
3. Bigyan ng pagkakataon ang mga bata na maipakita ang kanilang kakayahan.
4. Ipakita ang mga larawan sa modyul pahina 2.
   Itanong: Alin sa mga larawang ito ang kaya mong gawin?
5. Talakayin ang kakayahan ng mga bata na katulad ng nasa larawan.
   Itanong:
   - Alin sa nasa larawan ang kaya mong gawin?
   - Sa papaanong paraan mo ito maipakikita?
6. Sa pahina 3 ng modyul, ipatukoy sa mga bata kung sino ang kaya nilang gayahin. Matapos matukoy, maari ring magpakita ng kanilang kakayahan ang mga bata.



## ISAISIP NATIN

1. Balikan ang kakayahan ng mga bata.
2. Magkaroon ng isang munting palatuntunan na magpapakita ng kakayahan nila. (Maaari itong gawin sa loob ng 15-20 minuto)
3. Talakayin ang ipinakitang kakayahan ng mga bata.
4. Sagutan ang gawain sa modyul pahina 4.
5. Tapusin ang aralin sa pagbibigay-diin sa nabuong kaisipan na lahat tayo ay may kani-kaniyang kakayahan o potensiyal na maari nating ibahagi sa lipunan.



## ISAGAWA NATIN

1. Pangkatin ang mga bata ayon sa kanilang kakayahan.
2. Bawat pangkat ay magpapalabas o magpapakita ng kani-kanilang kakayahan .
3. Ipagawa ito sa loob ng 3-4 na minuto.
4. Lagumin ang ginawa ng mga bata sa pamamagitan ng pamantayang inihanda. Maaaring gumamit ng mga simbolo na kakatawan sa antas ng kanilang ipinakitang kakayahan.

5. Sukatin ang kakayahan ng bawat pangkat gamit ang nasa ibabang pamantayan.

| **Mga Pamantayan** |  |  |  |
|---|---|---|---|
| Kahandaan | Lahat ng kasapi ay alam ang ginagawa | 2-3 kasapi ay di alam ang ginagawa | 4 o mahigit pang bilang ng kasapi ay di alam ang ginagawa |
| Pagkakaisa | Lahat ng kasapi ay nagkakaisa | 2-3 kasapi ay di nakikiisa | 4 o mahigit pang bilang ng kasapi ay di nakikiisa |
| Husay ng pag-kaganap | Buong husay na naipakita ang kanilang kakayahan | Mahusay na naipakita ang kanilang kakayahan | Di gaanong mahusay na naipakita ang kanilang kayahan |



**ISAPUSO NATIN**

1. Muling balikan ang palabas ng bawat pangkat.
2. Suriin ang naramdaman ng mga bata sa ipinakita nilang palabas.
3. Sagutan ang modyul pahina 5. (Asahan ang iba't ibang kasagutan)

    - Batay sa ipinakitang kakayahan ng iyong pangkat, ano ang iyong naramdaman? Bakit?
    - Ano naman ang iyong naramdaman sa ipinakita ng ibang pangkat? Aling pangkat ang pinakamahusay? Bakit?



**ISABUHAY NATIN**

1. Magbalik-aral sa mga kakayahang naipakita ng mga bata.
2. Magkaroon ng bahaginan sa klase kung paano ito ipinakikita ng mga bata.



**SUBUKIN NATIN**

1. Bigyan ng pagtataya ang mga bata.
2. Pasagutan sa mga bata ang gawain sa modyul pahina 6.



**GINTONG ARAL**

1. Itanong:
    - Nakabuti ba sa iyo ang paglahok sa mga paligsahan? Bakit?
2. Ipabasa nang sabay-sabay ang "Gintong Aral". Maaaring isulat ito sa isang kartolina at ipaskil sa lugar na nakikita ng mga bata upang maisaulo at maisagawa.

# Aralin 2
# Kakayahan Mo, Paunlarin Mo!

**Layunin:** Naisakikilos ang sariling kakayahan sa iba't ibang pamamaraan.

**Paksa:** Pagkilala sa Sarili

**Nakalaang oras:** 30 minuto sa bawat araw sa loob ng isang linggo

**Mga kagamitan:** larawan ng mga taong nagpapakita ng natatanging kakayahan, krayolang pangkulay sa mga iguguhit

**Pamamaraan:**




1. Tanungin ang mga bata kung sino sa kanila ang nakasali na sa kahit anong paligsahan, o kung anong paligsahan ang gusto nilang salihan.
2. Itanong ang sumusunod:
   a. Paano kayo nagsanay?
   b. May tumulong ba sa inyo?
   c. Ano ang naramdaman ninyo habang ipinamamalas ang kanilang talento?
3. Ipabasa sa mga bata ang kuwentong "Ang Paligsahan" sa pahina 7 ng modyul.
4. Pag-usapan ang kuwento. Bigyang-diin ang sumusunod na katanungan.
   a. Anong paligsahan ang gaganapin sa paaralan?
   b. Sino-sino ang sasali sa paligsahan?
   c. Bakit nais nilang sumali sa mga paligsahan?
   d. Ano ang gusto nilang makamit sa pagsali sa paligsahan?
5. Pangkatin ang mga bata ayon sa kanilang kakayahan. Iparamdam na sila ang sasali sa paligsahan. Hingan ang bawat pangkat ng **sample** ng kanilang kakayahan. Puwede ring isadula ang kuwento upang mas maramdaman nila ang kahulugan nang susunod na gawain.



## ISAISIP NATIN

1. Sariwain sa isipan ng mga bata ang sasalihan nina Pepay, Kaloy, Lita, Obet at Pam, Red at Carla. Ipaunawa sa mga bata na ang nasabing mga kalahok ay may angking kakayahan subalit kailangan pa nila itong paunlarin upang matupad nila ang nais nilang panalo.
2. Hayaan silang magbigay ng payo sa mga kalahok. Maari itong ipasulat sa kuwaderno.
3. Ipabasa sa mga bata ang kanilang mga sagot. Talakayin din ang katanungan sa pag-usapan natin upang maidugtong sa dapat nilang tandaan.



## ISAGAWA NATIN

1. Pangkating muli ang mga bata ayon sa kanilang kakayahan. Gamitin ang sumusunod na pangalan para sa pangkat.
    - Pangkat ni Pepay (marunong sumayaw)
    - Pangkat ni Kaloy (marunong umawit)
    - Pangkat ni Lita (marunong bumigkas ng tula)
    - Pangkat nina Obet at Pam (marunong sa pagguhit o pagpinta)
    - Pangkat nina Red at Carla (marunong sa paggawa ng poster)
2. Bigyan ng panuto ang mga bata kung paano nila ihahanda ang kanilang pagsasadula. Bigyan din ng pamantayan ang mga bata kung paano susukatin ang kanilang **output**.
3. Maaring maghanda ng cartoons ng masayang mukha  ang guro upang idikit sa tapat ng pangalan ng pangkat sa tsart. Bigyan sila ng 10-15 minuto upang maghanda. Subaybayan ang ginagawa nilang paghahanda.

**Mga Pangkat**

| Pamantayan | Pepay | Kaloy | Lita | Obet at Pam | Red at Carla |
|---|---|---|---|---|---|
| Kahandaan | | | | | |
| Pagkakaisa ng pangkat | | | | | |
| Kumpleto ang kasapi | | | | | |
| Kaugnayan ng **output** sa paksa | | | | | |

**Kahulugan:**

5 **smiley** – naipakita ang lahat ng pamantayan ng buong husay
4 **smiley** – naipakita ang lahat ng pamantayan
3 **smiley** – mayroong isang hindi nagawa sa pamantayan
2 **smiley** – mayroong dalawang hindi nagawa sa pamantayan
1 **smiley** – hindi nagawa ang nasa pamantayan

4. Hayaang matapos ang lahat ng pangkat na magsadula bago ibigay ang pagtataya.
5. Hingan ng puna ang mga bata tungkol sa pagsasadula.
   Aling pangkat ang nagustuhan mo at bakit?



**ISAPUSO NATIN**

1. Ipaliwanag sa mag-aaral na ang ibang bata ay mayroon ding angking talento. Hindi nila ito dapat itago o ikahiya sapagkat ito ang makatutulong sa kanila upang umunlad ang buhay.
2. Magbigay ng mga halimbawa o magpakita ng mga larawan ng mga taong nagtagumpay dahil sa pagpapaunlad ng kanilang tanging kakayahan.
3. Sabihin sa mga bata na isipin nilang sila ang mga batang nasa larawan. Sagutan ang gawain sa pahina 10. Hayaang kumpletuhin ng mga bata ang nakasulat sa bubble ng pabigkas.



## ISABUHAY NATIN

1. Simulan ang gawaing ito sa pagtawag sa mag-aaral na may natatanging kakayahan. Hayaang magpamalas ng kanyang talento ang mag-aaral sa harap ng klase.
2. Pagkatapos magpamalas ng talento, itanong sa kanila kung paano nila mapapaunlad ang kanilang talento.
3. Pasagutan sa kuwaderno ang gawain. Ipaliwanag ang tsart sa pahina 11.



## SUBUKIN NATIN

1. Sa isang papel, pasagutan sa mga bata ang "Subukin Natin" sa pahina 12 - 13. Dito matataya kung may pagpapaunlad na sa kanilang natatanging kakayahan.
2. Hingan ang mga bata ng kanilang pananaw (**insight**) sa natapos na aralin.



## GINTONG ARAL

1. Itanong sa mga bata:
   - Kailangan mo bang paunlarin ang iyong natatanging kakayahan? Bakit?
2. Ipabasa sa mga bata ang "Gintong Aral" na nakasulat sa isang kartolina na nakadikit sa gawing unahan ng silid aralan upang lagi nila itong makita.
3. Gawin itong **poster** sa silid aralan upang mas maunawaan ng mga bata.

## Aralin 3
## Kakayahan Ko, Pagbubutihin Ko!

**Layunin:** Naisakikilos ang sariling kakayahan sa iba't ibang pamamaraan.

**Paksa:** Pagkilala sa Sarili

**Nakalaang Oras:** 30 minuto sa bawat araw sa loob ng isang linggo.

**Mga Kagamitan:** larawan, krayola

**Pamamaraan:**




1. Ilahad ang aralin sa pamamagitan ng pagbasa ng tula.
2. Talakayin ang mga kakayahang nabanggit sa tula.
3. Pagbahaginin ang mga bata ng kanilang mga karanasan tungkol sa iba't ibang kakayahan.
4. Itanong sa mga bata:
   - Alin sa mga kakayahang nabanggit sa tula ang iyong pinahahalagahan?
   - Sa paanong paraan mo pinahahalagahan ang iyong mga kakayahan?




1. Balikan ang binasang tula, ano-anong kakayahan ang nabanggit dito?
2. Pasagutan sa mga bata ang tsart sa pahina 15.
3. Talakayin ang mga kasagutan ng mga bata.
   - Saang hanay ka mas maraming naisulat?
   - Ano ang naramdaman mo? Bakit?
   - Ano ang dapat mong gawin?
   - Paano mo ito gagawin?

## ISAGAWA NATIN

1. Simulan ang aralin sa pamamagitan ng isang laro.
   Kaya mo Ito?
   a. Magpapakita ang guro ng mga larawan ng mga taong may natatanging kakayahan. Halimbawa: Sarah Geronimo, Vhong Navarro at iba pa.
   b. Tatayo ang mga bata kung taglay nila ang kakayahan ng nasa larawan. Gagawin nila ang kakayahang ito sa harap ng klase.
2. Ipagawa sa mga bata ang gawain sa pahina 16.
3. Talakayin ang kasagutan ng mga bata.

## ISAPUSO NATIN

1. Ilahad sa klase: Lahat tayo ay biniyayaan ng Diyos ng angking kakayahan at kahinaan.
2. Ipasulat sa isang papel ang liham ng pasasalamat sa ating Panginoon.

## ISABUHAY NATIN

1. Pasulatin ang mga bata ng isa hanggang tatlong pangungusap na nagpapahayag ng pagpapayaman ng kanyang kakayahan at pagpapaunlad sa kanyang kahinaan.



**SUBUKIN NATIN**

1. Ipasagot ang pagtataya sa pahina 18 ng modyul.



**GINTONG ARAL**

1. Itanong:
   - Paano mo gagamitin ang iyong mga talento upang ikaw ay magtagumpay?
2. Ipabasa nang sabay-sabay ang "Gintong Aral". Maaaring sipiin ito sa isang kartolina at ipaskil sa lugar na nakikita ng mga bata upang maisaulo at maisagawa.

# Aralin 4
# Kakayahan ko, Pahahalagahan ko!

**Layunin:** Napahahalagahan ang kasiyahang naidudulot ng pagpapamalas ng kakayahan.

**Paksa:** Pagkilala sa sarili

**Nakalaang Oras:** 30 minuto sa bawat araw sa loob ng isang linggo.

**Mga Kagamitan:** larawan ng mga Filipinong nakilala sa iba't ibang larangan, krayola

**Pamamaraan:**




1. Magpakita ng larawan ng sumusunod:
   - Manny Pacquaio
   - Lea Salonga
   - Liza Macuja
   - Paeng Nepomoceno

   (Maaring palitan o dagdagan ang mga larawan)

2. Itanong sa mga bata kung sino ang nasa larawan at kung ano ang kanilang talento.

   Paano kaya nila napanatili ang kanilang kakayahan?
   Binibigyang-halaga ba nila ang kanilang kakayahan?
   Magbigay ng kaunting impormasyon tungkol sa mga taong nasa larawan.

3. Ipabasa sa mga bata ang diyalogo. Maaring pangkatin ang mga bata bilang Pepay, Kaloy, G. Santos, at mga bata para sa pagbasa.
   (Ang guro ay maaring gumamit ng **puppet** na kakatawan sa mga tauhan. Maari ding mag**powerpoint presentation** upang lumabas isa-isa ang mga tauhan hanggang sa mabuo ang isang **classroom setting**)

4. Talakayin ang diyalogo. Itanong sa mga bata:
   - Bakit binati ng guro ang kanyang mag-aaral?
   - Sino-sino ang sumali sa paligsahan?
   - Masaya ka ba para sa kanila?



**ISAISIP NATIN**

1. Sariwain ang mga tanging kakayahan nina Pepay, Kaloy, at iba pang tauhan. Itanong sa mga bata kung nagagamit ba ng mga tauhan ang kanilang angking kakayahan ng tama.
2. Ipabasa ang kuwento sa pahina 20-21 ng modyul. Maaring isadula upang mas maintindihan at maramdaman ito ng mga bata.
3. Talakayin ang kuwento.
   - Nagamit ba ng mag-aaral ang kanilang talento?
   - Paano nila ito ginamit?
   - Paano mo naman ginagamit at pinahahalagahan ang iyong natatanging kakayahan?
4. Ipabasa nang malakas at sabay-sabay ang linyang dapat nilang tandaan.



**ISAGAWA NATIN**

1. Magkaroon ng isang pangkatang gawain ayon sa kakayahan ng mga bata.
   a. Bigyan sila ng 10-15 minuto upang pag-usapan ng pangkat kung paano nila pinahahalagahan ang kanilang kakayahan.
   b. Ipasulat ito sa isang kartolina at idikit sa **board**.
   c. Pumili ng isang kasapi sa bawat pangkat upang magsalita tungkol sa kanilang sagot.
   d. Siguraduhin na ang lahat ng kasapi ng pangkat ay nakikiisa sa Gawain.
2. Pasagutan sa mga bata ang Gawain 2 sa pahina 23.
3. Bigyan ng gawaing bahay ang mga bata. Magdala ng mga larawan na nagpapakita ng pagpapahalaga sa anumang angking talento o kakayahan.



### ISAPUSO NATIN

1. Balikan ang tulang “Talentado Ako” at muling ipabasa sa mga bata. Iugnay sa araling ito ang kahulugan ng tula sa pagbibigay halaga at paggamit ng mga talento.
2. Gamit ang mga larawan na ipinagupit sa nakaraang gawaing bahay, gawin ang gawain sa pahina 24 ng modyul.
3. Ipadikit ito sa kanilang kuwaderno at hayaang ipakita nila sa klase.



### ISABUHAY NATIN

1. Bigyan ng 10-15 minuto upang makapagdrowing ang mga bata. Ipaliwanag na mabuti ang kanilang gagawin. (Maaring magpatugtug ng **soft music** habang gumagawa ang mga bata)
2. Upang higit na matanim sa isipan ng mag-aaral ang pagpapahalaga sa kanilang angking natatanging kakayahan, pasagutan sa kuwaderno ang ikalawang gawain.



### SUBUKIN NATIN

1. Pasagutan ang “Subukin Natin” pahina 25.



### GINTONG ARAL

1. Pinahahalagahan mo ba ang iyong mga talento?  Paano mo ito ginagamit?
2. Ipabasa ng malakas at sabay sabay ang “Gintong Aral”.
3. Ipasulat ito ng mganda sa isang pangkat upang maidikit sa isang bahagi ng silid aralan.

## Aralin 5
## Tik-tak: Oras Na!

**Layunin**: Naiisa-isa ang mga tuntunin at pamantayang itinakda ng paaralan sa pagpasok sa tamang oras.

**Paksa**: Pagkakabuklod / Pagkakaisa

**Nakalaang Oras**: 30 minuto bawat araw sa loob ng isang lingo

**Mga Kagamitan:** larawan, krayola

**Pamamaraan:**




1. Magkaroon ng bukas na talakayan tungkol sa mga ginagawa ng mga bata bago matulog sa gabi at pagkagising sa umaga. Asahan ang iba't ibang kasagutan.
2. Basahin nang tahimik ang kuwento ng magkapatid na Ronan at Rolan sa pahina 26 - 28.
3. Ipabasa muli ang kuwento nang pabigkas sa paraang dugtungan. Bawat talata ay babasahin ng isang bata o isang pangkat hanggang sa matapos ang kuwento.
4. Pag-usapan ang kuwentong binasa. Pasagutan ang mga tanong na nasa modyul pahina 28.
5. Sa oras ng talakayan, sikaping maipaunawa sa mga mag-aaral na sa murang gulang pa lamang ay dapat matutunan nilang pumasok sa tamang oras.




1. Balikan ang kuwento ng magkapatid na Ronan at Rolan.
2. Tanungin ang mga bata kung ano-ano ang dapat nilang gawin upang makapasok sa tamang oras?
3. Ipasuri ang mga larawan sa modyul, pahina 29-30.

4. Tanungin ang mga bata kung alin sa mga pares ng larawan ang nagpapakita ng dapat gawin at hindi dapat gawin pagkagising sa umaga. Inaasahang sagot:
    - Sa unang pares ng larawan, ang unang larawan ang nagpapakita ng tamang ginagawa sa paggising sa umaga at ang ikalawang larawan ang hindi dapat ginagawa;
    - Sa ikalawa at ikatlong pares naman ng mga larawan, parehong ang unang larawan ang nagpapakita ng tamang ginagawa paggising sa umaga at parehong ang ikalawang larawan naman ang hindi dapat gawin.
5. Bigyang-diin ang **ating tandaan**. Ipabasa sa bata ng sabay-sabay hanggang sa ito ay matandaan nila.



**ISAGAWA NATIN**

1. Ipasuri ang mga larawan sa **Gawain 1** pahina 31 ng modyul. Pasagutan ito sa mga bata sa sagutang papel o kuwaderno. (Ang mga larawan na lalagyan ng tsek ay bilang 1 at 5 lamang sapagkat nagpapakita ang mga ito ng pagpasok sa tamang oras).
2. Matapos sagutan ng mga bata ang Gawain 1, pasagutan naman ang **Gawain 2** pahina 32-33 ng modyul. Ipasuri sa mga bata ang iba't ibang sitwasyon. Pasagutan muli sa sagutang papel o kuwaderno. (Inaasahang kasagutan: 1. A; 2. B; 3. A; 4. B; 5. B)
3. Suriin ang kinalabasan. Kung maraming hindi pa nakaunawang bata sa aralin, bigyang muli ng pagsasanay.



**ISAPUSO NATIN**

1. Pasagutan ang tseklis sa mga bata sa pamamagitan ng pagguhit ng orasan kung gaano kadalas nila ginagawa ang mga tuntuning nabanggit. Gamitin ang pamantayang nasa modyul pahina 34.



## ISABUHAY NATIN

1. Tanungin ang mga bata kung minsan ay naranasan na nila ang hindi pagpasok sa tamang oras. Ibahagi sa klase ang dahilan ng pagkahuli sa klase.
2. Talakayin ang dapat gawin upang maiwasan ang mahuli sa klase.
3. Ipasulat ang dapat gawin upang maiwasan ang pagpasok sa di-tamang oras.



## SUBUKIN NATIN

1. Ipabasa ng malakas ang panuto sa "Subukin Natin" pahina 35 - 36 ng modyul. Tiyaking naintindihan ito ng lahat. Ipasulat ang mga sagot sa sagutang papel.

   (Ang mga bilang na may tsek (/) ay 1 at 2; at ekis (x) naman para sa bilang 3, 4 at 5.)



## GINTONG ARAL

1. Itanong sa mga bata:
   - Sa inyong palagay, bakit dapat ugaliing maging maagap sa lahat ng oras?
2. Ipabasa nang sabay-sabay ang "Gintong Aral". Ipaliwanag ang kahulugan nito. Maaaring sipiin ito sa isang kartolina at ipaskil sa lugar na nakikita ng mga bata. Hikayating maisaulo ito.

## Aralin 6
## Gawain: Tapusin at Ayusin!

**Layunin:** Ang mga mag-aaral ay naiisa-isa ang mga tuntunin at pamantayang itinakda sa paaralan at pamayanan sa pagtapos ng gawain.

**Paksa:** Pagkakabuklod / Pagkakaisa

**Nakalaang OraS**: 30 minuto bawat araw sa loob ng isang lingo

**Mga Kagamitan:** tali, art papers, gunting, at pandikit

**Pamamaraan:**




1. Ganyakin ang klase sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga palamuti, dekorasyon o pahiyas na makikita kung may pista o may okasyong gaganapin sa kanilang lugar. Alamin kung sino ang nakaranas gumawa nito.
2. Basahin ang maikling kuwento "**Ang Paggawa ng Banderitas**"pahina 37 ng modyul.
3. Ipalagay ang sarili ng mga bata na sila ang mga mag-aaral ni G. Ragas. Gabayan ang mga bata upang makasunod sa paggawa ng banderitas.
4. Pasagutan ang sumusunod na tanong pagkatapos ng gawain:
   a. Natapos ba ng inyong pangkat ang ibinigay gawain?
   b. Paano ninyo natapos ang ibinigay na gawain?
5. Lagumin ang mga paraan na ginawa ng mga bata upang matapos ang kanilang gawain.



**ISAISIP NATIN**

1. Suriin ang mga larawan sa pahina 38 – 40 ng modyul.
2. Magkaroon ng talakayan tungkol sa ipinahihiwatig ng mga larawan sa paaralan, tahanan at pamayanan. Palawakin ang talakayan upang makabuo ng tuntunin sa bawat sitwasyon.
3. Isulat ang bawat tuntunin sa pisara o tsart upang lalong tumimo sa isip ng mga bata ang mga ito.
4. Bigyang-diin ang **ating tandaan**.  Ipabasa sa bata ng sabay-sabay hanggang sa ito ay matandaan nila.



**ISAGAWA NATIN**

1. Suriin ang mga larawan sa pahina 41 - 43 ng modyul. Hingin ang saloobin ng mga bata sa larawan at sitwasyon. Pasagutan ito sa kuwaderno.

2. Pasagutan ang Gawain 2 pahina 43 – 44 ng modyul sa kuwaderno. Pagtapatin ang mga sitwasyon at larawan na nagpapakita ng pagtapos ng gawain.



**ISAPUSO NATIN**

1. Pasagutan ang tseklis sa mga bata sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek ( ✓) sa angkop na hanay batay sa kung gaano nila kadalas ginagawa ang mga nabanggit na tuntunin.



## ISABUHAY NATIN

1. Ihanda ang mga bata para sa pangkatang talakayan.
2. Pangkatin ang mga bata sa lima sa pamamagitan ng pagbilang mula isa hanggang lima.
3. Pagsama-samahin ang magkakatulad na bilang at pumili ng lider.
4. Ipaalam sa mga bata na pag-usapan ng bawat pangkat ang tanong na ito:
   a. Bilang mag-aaral, ikaw ba ay handang sumunod sa mga tuntunin at pamantayan sa paaralan at pamayanan upang matapos nang maayos mga gawain?



## SUBUKIN NATIN

1. Ipabasa ng malakas ang panuto sa "Subukin Natin" sa pahina 47 ng modyul. Tiyaking naintindihan ito ng lahat. Ipasulat ang sagot sa papel.

   (Ang mga bilang na may sagot na **Tama** ay 2, 4, at 5; **Mali** naman sa bilang 1 at 3.)



## GINTONG ARAL

1. Itanong sa mga bata:
   - Sa inyong palagay, bakit kinakailangang ang mga gawaing sinimulan ay dapat ayusin at tapusin?
2. Ipabasa nang pasalita ang "Gintong Aral". Tanungin ang mga bata kung anong ibig sabihin nito. Hayaang ipaliwanag nila sa sariling salita. Dito masusukat ang lalim ng pagkatuto sa aralin.

# Aralin 7
# Ito'y Atin, Alagaan Natin!

**Layunin**: Naiisa-isa ang mga tuntunin at pamantayang itinakda sa paaralan at pamayanan sa paggamit ng pampublikong pasilidad / kagamitan.

**Paksa:** Pagkakabuklod / Pagkakaisa

**Nakalaang Oras**: 30 minuto bawat araw sa loob ng isang lingo

**Mga Kagamitan:** larawan, show-me-board

**Pamamaraan:**




1. Magpakita ng larawan ng pamilyang namamasyal. Itanong sa mga bata kung naranasan na nilang mamasyal kasama ang kanilang pamilya? Bakit? Ano inyong naramdaman?
2. Basahin nang tahimik ang kwentong "Ang Masayang Pamilya", pahina 48 - 51 ng modyul.
3. Ipabasa muli ang kuwento nang pabigkas sa isang bata ang bawat talata hanggang sa matapos ang kuwento.
4. Pasagutan ang mga tanong sa pahina 51 ng modyul pagkatapos basahin ang kuwento.




1. Balikan ang kuwentong binasa tungkol sa "Ang Masayang Pamilya."
2. Tanungin ang mga bata kung naisasagawa ba nila ang wastong paggamit ng pampublikong pasilidad batay sa tuntunin
   at pamantayan sa pamayanan.
3. Ipasuri sa mga bata ang mga larawan sa pahina 51 - 52 ng modyul. Talakayin ang mga tuntunin at pamantayan sa wastong paggamit ng pampublikong pasilidad.
4. Bigyang-diin ang **ating tandaan**. Ipabasa sa bata ng sabay-sabay hanggang sa ito ay matandaan nila.



### ISAGAWA NATIN

1. Pasagutan ang gawain 1 sa pahina 53 - 54 ng modyul. Pagtapatin ang mga tuntunin at pamantayan sa hanay A na aangkop sa mga larawan sa hanay B.
2. Magsagawa ng pangkatang gawain sa paggawa ng **poster** tungkol sa tuntunin sa paggamit ng mga pampublikong pasilidad.  Talakayin ang mga gabay sa paggawa nito sa pahina 54 - 55 ng modyul.



### ISAPUSO NATIN

1. Isa-isahing muli ang mga tuntunin at pamantayan sa wastong paggamit ng pampublikong pasilidad.
2. Magpasulat sa mga bata ng 3 tuntunin o pamantayan na palagi nilang sinusunod.



### ISABUHAY NATIN

1. Ngayon ay alam na ng mga bata ang wastong tuntunin at pamantayan sa paggamit ng pampublikong pasilidad sa kanilang pamayanan.
2. Gamit ang **Show-Me-Board**, isulat ang tuntunin o pamantayan sa wastong paggamit ng mga pampublikong pasilidad na ipapakita ng guro.



## SUBUKIN NATIN

1. Ipabasa ng malakas ang panuto sa "Subukin Natin" pahina 56 ng modyul. Tiyaking naintindihan ito ng lahat. Ipasulat ang sagot sa papel.



## GINTONG ARAL

1. Itanong sa mga bata:
   - Ano ang dapat ninyong gawin sa mga pampublikong pasalidad o kagamitan? Bakit?
2. Basahin nang malakas ang "Gintong Aral". Ipaliwanag ito sa mga bata. Bigyan-lalim ang kahulugan nito kung bakit mahalagang ito'y maisagawa. Maaaring sipiin ito sa isang kartolina at ipaskil sa lugar na nakikita ng mga bata upang maisaulo.

## Aralin 8
## Tuntunin: Dapat Sundin!

**Layunin**: Nakasusunod sa mga tuntunin sa paaralan gaya ng paggamit ng tamang laruan, pagsasauli ng mga bagay na kinuha, at iba pa.

**Paksa:** Pagkakaroon ng disiplina

**Nakalaang Oras:** 30 minuto bawat araw sa loob ng isang lingo

**Mga Kagamitan:** mga larawan, puppets, tsart, tseklist, activity cards

**Pamamaraan:**




1. Simulan ang aralin sa pamamagitan ng pag-awit ng "Sundan Mo Ako".

   Sundan Mo Ako

   Sundan, sundan, sundan mo ako
   Sundan mo ako, sundan mo ako
   Sundan, sundan sundan mo ako
   Ikaw naman ang susundan ko.

   (Ituro ang isang bata. Gagayahin ng lahat ang aksiyong gagawin ng bata)

2. Basahin ang kuwento ni Melissa. Gumamit ng larawan o **puppet** sa pagkukuwento.
3. Itanong sa mga bata.
   a. Nakadalo kaya si Melissa sa pagtataas ng watawat sa harap ng kanilang paaralan?
   b. Anong ugali ang ipinakita ni Melissa sa kuwento?
   c. Katulad ba kayo ni Melissa? Bakit?
4. Talakayin pang mabuti ang kuwento. Bigyang diin ang pagiging masunurin ni Melissa sa tuntunin sa paaralan.

Itanong: Bakit kaya nagsuot ng uniporme at ng ID si Melissa sa pagpasok sa paaralan?

5. Tapusin ang aralin sa pamamagitan ng muling pag-awit ng "Sundan Mo Ako"



**ISAISIP NATIN**

1. Balikan ang kuwento ni Melissa. Talakayin kung bakit maagang pumasok si Melissa, nakauniporme at nakasuot ng ID. Bigyang diin na ito ay tuntunin ng kanyang paaralan at kusang loob niya itong sinunod.

2. Pangkatin ang mga bata sa tatlong grupo. Bigyan ng oras ang bawat grupo na basahin ang mga sitwasyon sa pahina 59 - 60. Bigyan ng pagkakataon ang bawat grupo na pag-usapan ang kanilang dadamin at gagawin ayon sa ipinakitang sitwasyon. Maaari itong gawin sa paraang **by station**. Bawat **station** ay may sitwasyong nakalagay. Bawat pangkat ay pupunta sa isang **station**. Babasahin nila ito at bibigyan ng 5 minuto upang makabuo ng kanilang saloobin sa nabasang sitwasyon. Pagkataos ng limang minuto lilipat sila sa kasunod na **station** at ang kasunod namang sitwasyon ang babasahin hanggang mapuntahan ang lahat ng **station**.

3. Magkaroon ng talakayan sa mga nabasa nilang sitwasyon. Hingan ang bawat pangkat ng kanilang saloobin.

4. Itanim sa isip ng mga bata na ang napagkasunduang tuntunin sa paaralan at napagkasunduang gagawin ay kailangang kusang loob na sundin at di na kailangang paalalahanan pa.



### ISAGAWA NATIN

1. Hatiin sa anim na pangkat ang klase. Bawat pangkat ay bibigyan ng **activity card** ng guro. Sa **activity card** isulat ang tuntunin sa paaralan na ipakikita ng pangkat. Nakasaad din sa **activity card** na ipakikita sa **role playing** ang tama at maling pagsunod sa tuntunin. Ipakikita ito sa pamamagitan ng **role playing** sa loob ng 2-3 minuto. Magbigay ng **at least** 3 halimbawa ng napagkasunduan na ipagagawa sa mga bata.

2. Ilagom ang ipinakita ng mga bata sa pamamagitan ng pagtukoy sa ipinakitang tama at maling pagsunod sa mga tuntunin ng paaralan. Ilagay ito sa tsart.



### ISAPUSO NATIN

1. Isa-isahin ang mga tuntunin ng paaralan at mga napagkasunduang gawain sa klase. Halimbawa: Tamang paghihiwalay ng basura.
2. Ilagay ito sa tsart hanggang sa makabuo ng tseklist.
3. Palagyan sa mga bata ng tsek ang kanilang saloobin sa pagsunod nila sa mga tuntunin ng paaralan.



### ISABUHAY NATIN

1. Balikan ang tseklis na sinagutan ng mga bata. Bigyan ng oras ang mga bata na pag-isipan ang kanilang mga kasagutan.
2. Bigyang-diin na ang mga tuntunin ay ginawa upang maging maayos ang ating paaralan kaya dapat itong sundin.
3. Papiliin ang mga bata ng isang tuntunin na hindi talaga nila sinunod o minsan lang nila sinusunod. Ipasulat ito sa papel kung bakit hindi nila ito sinusunod at ano ang gagawin nila upang ito ay kanilang sundin.
4. Ipalagay ito sa **portfolio** ng mga bata upang magsilbing paalala na dapat nila itong sundin




1. Bilang pagtataya, pasagutan sa mga bata ang “Subukin Natin” pahina 64 - 65 ng modyul. Isulat sa sagutang papel ang **Tama** kung sumunod sa tuntunin o napagkasunduang gawain ang mag-aaral at **Mali** naman kung hindi.




1. Itanong:
    - Ano ang dapat nating gawin kung may mga tuntunin na ipinasusunod sa ating paaralan? Bakit?
2. Ipabasa nang sabay-sabay ang “Gintong Aral”. Maaaring sipiin ito sa isang kartolina at ipaskil sa lugar na nakikita ng mga bata upang maisaulo at maisagawa.

## Aralin 9
## Sundin Para Sa Bayan Natin

**Layunin:** Nakasusunod sa mga tuntunin sa pamayanan

**Paksa:** Pagkakaroon ng disiplina

**Nakalaang oras:** 30 minuto bawat araw sa loob ng isang lingo

**Mga kagamitan:** mga larawan, video presentation, activity card, tsart

**Pamamaraan:**




1. Magsagawa ng isang payak na paglalakbay (maaaring sa loob ng paaralan o sa labas ng paaralan) na kakikitaan ng mga tuntunin na makikita sa pamayanan.
2. Isa-isahin ito at ipaalam sa mga bata kung ano ang kahulugan nito.
3. Talakayin sa klase kung nasusunod nila ang mga tuntunin at ano ang ginagawa nila upang masunod ang mga ito.
4. Bigyang laya ang mga bata na magbahagi ng kanilang karanasan.




1. Magpakita ng larawan ng isang magandang pamayanan. (Maaaring ipakita ito sa pamamagitan ng **video presentation**) Ipasuri sa mga bata kung bakit naging maganda ang pamayanan.
2. Ipabasa ang kuwentong “Mga Batang Masunurin”. Talakayin ang paraan ng dalawang bata sa pagsunod sa mga tuntunin ng pamayanan.
3. Isa-isahin ang mga tuntunin na kailangang masunod sa kanilang pamayanan.

4. Bigyang-diin sa talakayan na ang mga tuntuning ito na ipinatutupad sa pamayanan ay pinag-isipan at pinagkasunduan ng mga namamahala sa ating pamayanan. Layunin nito na mapaunlad at maisaayos ang ating pamayanan.



**ISAGAWA NATIN**

1. Hatiin sa apat na pangkat ang mga bata. Bigyan ng **activity card** ang bawat pangkat kung saan nakasulat ang sitwasyong babasahin at ipagagawa sa bawat pangkat.
   Pangkat 1 – Ipakita sa pamamagitan ng dula-dulaan
   Pangkat 2 – Ipakita sa pamamagitan ng pagpinta
   Pangkat 3 – Ipakita sa pamamagitan ng tula / tugma
   Pangkat 4 – Ipakita sa pamamagitan ng paggawa ng mapa na magtuturo kung saan ang palikuran

   Bigyan ng 15 minutong paghahanda ang mga bata.

2. Ipakita sa buong klase ang ginawa ng mga bata. Hayaang sila ang magpaliwanag at magpakita ng kanilang ginawa.
3. Talakaying isa-isa ang ipinakita ng bawat grupo. Itanong: Paano ipinakita ng bawat grupo ang dapat nilang gawin sa sitwasyong binasa? Tama kaya ang kanilang ginawa.
4. Ilagom ang natutunan sa ginawa ng mga bata.



**ISAPUSO NATIN**

1. Pasagutan ang Bituin, Bituin Ikaw Ba'y Nasa Akin sa pahina 70 - 71 ng modyul.
2. Bigyan ng oras ang mga bata na suriin ang kanyang sarili.
3. Sa titik B, ipaliwanag sa mga bata na mayroon pang mga tuntunin na ipinatutupad sa ating pamayanan na wala sa iba. Itala iyon.
4. Hingan ng pagninilay ang mga bata sa Gawain na ipinagawa sa kanila.
   - Ano-anong tuntunin ang palagian mo nang sinusunod?

- Alin naman ang hindi mo pa nasusunod? Ano ang dapat mong gawin upang masunod ang mga ito?
- Dapat ba nating sundin ang mga tuntunin ng ating pamayanan? Bakit?



**ISABUHAY NATIN**

1. Pasagutan sa mga bata ang nasa pahina 71 – 73 ng modyul.
2. Sa Gawain 1, ipaliwanag sa mga bata na ang mga larawan sa kaliwa ang ilan sa mga tuntunin na ipinatutupad sa pamayanan. Isulat ang letra ng larawan na nagpapakita ng tamang pagsunod.
3. Sa Gawain 2, ipasulat sa mga bata ang dapat nilang gawin sa mga sitwasyon.
4. Pag-usapan sa klase ang sagot ng mga bata upang higit nila itong maunawaan.



**SUBUKIN NATIN**

1. Tayahin ang kaalaman ng mga bata sa pagsunod sa mga tuntunin sa pamayanan. Pasagutan ang mga katanungan sa pahina 74 - 76.

   Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang pagsunod sa mga tuntunin ng pamayanan.



**GINTONG ARAL**

1. Itanong:
   - Ano ang dapat nating gawin sa mga gamit sa paaralan at pamayanan? Bakit?
   - Ano ang dapat gawin sa mga hindi natin kailangan? Bakit?
2. Ipabasa nang malakas ang "Gintong Aral". Maaaring pangkatan o isahan. Ipaliwanag at ipasaulo ito sa mga bata.

# Yunit 2
# Pakikipagkapwa

## Kabuuang Pananaw

“**No man is an island**”. Isa itong tanyag na kasabihan na patuloy na nagpapasalin-salin sa kaisipan ng bawat tao. Kasabihan itong nagpapaalala sa atin na hindi tayo mabubuhay nang nag-iisa sa mundo. Kailangan natin ang ating kapwa upang maging makabuluhan ang ating buhay.

Ang tao ay nilikha upang makipag-ugnayan sa kapwa. Sa ating mga gawain, kasama natin ang ating kapwa. Kailangan nating isipin ang magandang idudulot nito sa kanila. Dapat nating malinang sa bawat isa sa atin ang tamang pakikipagpagkapwa-tao.

Sa yunit na ito, tatlong mahahalagang pag-uugali ang lilinangin sa mga bata, ang pagmamahal sa kapwa/pagdama at pag-unawa sa damdamin ng iba, ang pagiging magalang at ang pagmamalasakit sa kapwa.

Bibigyang-diin sa yunit na ito ang iba’t ibang pamamaraan ng pagpapamalas ng pag-unawa sa kahalagahan ng pagiging sensitibo sa damdamin at pangangailangan ng iba, pagiging magalang sa kilos at pananalita at pagmamalasakit sa kapwa.

Ang paglinang sa mga pag-uugaling ito sa ating mga mag-aaral ay isang pamamaraan na magagamit natin upang matugunan ang lumalalang sitwasyon sa ating lipunan. Kung mabibigyang halaga natin ang ating kapwa, walang magiging puwang sa ating lipunan ang karahasan, nakawan, pang-aabuso at iba pa.

Hinati sa siyam na aralin ang yunit na ito upang matugunan ang mga pananaw na ito.

Aralin 1: Kaibigan, Maging Sino Ka Man
Aralin 2: Kaibigang ‘Di Kakilala
Aralin 3: Tingnan Mo Kaibigan
Aralin 4: Sa Salita at Gawa, Ako’y Magalang
Aralin 5: Kapwa Ko, Igagalang Ko!

Aralin 6: Kapwa Ko, Mahal Ko
Aralin 7: Ako ay Batang Matulungin
Aralin 8: Malasakit Mo, Natutukoy at Nararamdaman Ko!
Aralin 9: Pagmamahal Ko, Pinakikita at Ginagawa Ko!

Sa pagtatapos ng mga aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

a. Naisasagawa ang wasto at tapat na pakikitungo at pakikisalamuha sa kapwa
b. Naisasagawa ang anumang kilos at pananalita na may paggalang
c. Naisasagawa ang mga kilosat gawaing nagpapakita ng pagmamalasakit sa kanyang paaralan at pamayanan

Iminumungkahing talakayin ang mga araling ito sa Yunit 2 sa loob ng siyam (9) na linggo o sa ikalawang kwarter ng taong panuruan.

# Aralin 1
# Kaibigan, Maging Sino Ka Man

**Layunin:** Naipakikita ang pagiging magiliw at palakaibigan ng may pagtitiwala sa sumusunod:

- kapitbahay
- kamag-anak
- kamag-aral

**Paksa:** Pagmamahal sa kapwa / Pagdama at pag-unawa sa damdamin ng iba

**Nakalaang Oras:** 30 minuto bawat araw sa loob ng isang linggo

**Mga Kagamitan:** mga larawan, video clip/film, graphic organizer, Manila paper

**Pamamaraan:**




1. Bilang paunang pagtataya, ipakita ang mga larawan na nasa pahina 78 ng modyul. (Maaaring gawing **film viewing** ang bahaging ito na may konseptong kaparis ng nasa larawan sa modyul)
2. Pakuhanin ng kapareha ang mga bata. Pag-usapan ang nasa larawan/napanood. Hayaang magbigay ng kani-kaniyang saloobin ang mga bata sa bawat larawan.
3. Itanong kung sino sa kanila ang nakasalamuha nila. Paano nila ito pinakisamahan.
4. Sa pangkalahatang talakayan, pag-usapan ang sumusunod na tanong.
    - Sino-sino ang nakikita ninyo sa larawan / napanood?
    - Ano ang inyong mararamdaman kung makikita ninyo sila?
    - Ano ang inyong gagawin kung sila ang inyong makakasalamuha?
    - Mayroon ka bang maitutulong sa kanila? Paano?
5. Ipamulat sa mga bata na kailangan nating maging sensitibo sa ating mga nakakasama at nakakasalamuha sa ating kapaligiran.



## ISAISIP NATIN

1. Basahin ang mga sitwasyon sa pahina 79 - 80 ng modyul.
2. Talakayin ang bawat isa gamit ang **graphic organizer**.

Itanong:

- Ano-ano ang tulong na maaaring ibigay ni Lala kay Myla?
- Ano-ano ang mga tulong na maaari nating ibigay kay Joseph?
- Paano mo tatanggapin ang bisitang kamag-anak ng iyong ama?
- Anong damdamin ang ipinakita ng tatlong bata?

3. Bigyang diin sa talakayan ang pagpapakita ng pagiging magiliw at palakaibigan ng may pagtitiwala sa mga kapitbahay, kamag-anak at kamag-aral. Dapat nating ipadama sa kanila ang ating pagmamahal. Nadarama at nauunawaan natin ang kanilang mga damdamin.



## ISAGAWA NATIN

1. Hatiin sa tatlong pangkat ang klase.
2. Bigyan ng tig-iisang sitwasyon na kanilang pag-aaralan.

   Unang Pangkat:
   Mayroong tatlong Igorot ang pumasok sa inyong paaralan. Kakaiba ang kanilang itsura kaysa sa inyo. Mayroon din silang ibang wika na hindi ninyo maintindihan. Ano ang dapat mong gawin?

   Ikalawang Pangkat:
   Bago pumunta ng palengke ang iyong nanay, inutusan ka niyang maglinis ng inyong bakuran. Kaagad mo itong nilinis. Subalit makalipas ang 20 minuto, naabutan mo ang iyong kapitbahay na itinataboy sa inyong bakuran ang kanilang basura. Ano ang dapat mong gawin?

Ikatlong Pangkat:
Nagkaroon ng pagtitipon ang inyong pamilya. Dumating ang inyong mga tiyo, tiya at mga pinsan. Isang pinsan mo ang agad kinuha ang paborito mong laruan nang hindi nagsasabi sa iyo. Nakita mo na lang na sinisira na niya ito.  Ano ang dapat mong gawin?

3. Ipasulat sa **manila paper** ang mga posibleng gawin sa sitwasyong ibinigay sa kanila. Maaari rin itong ipakita sa pamamagitan ng dula-dulaan.
4. Talakayin ito sa klase.
5. Bilang karagdagang gawain, sagutan ang gawaing nasa modyul pahina 88. Ipaliwanag sa mga bata ang dapat gawin. (Maaari itong isulat o gawin sa **manila paper**.)



**ISAPUSO NATIN**

1. Hatiin sa limang pangkat ang mga bata.
2. Basahin ang mga sitwasyon sa pahina 83 - 84. Ipakikita ng mga bata ang kanilang damdamin sa sitwasyon sa pamamagitan ng **role playing**.
3. Gumamit ng **rubrics** sa pagtataya ng kakayahan ng mga bata.

| | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|
| Galing ng Pagkaganap | Lahat ng kasapi sa pangkat ay nagpakita ng galing sa pagganap | 1-2 kasapi ng pangkat ay hindi nagpakita ng galing sa pagganap | 3-4 na kasapi ng pangkat ay hindi nagpakita ng galing sa pagganap |
| Tamang saloobin sa sitwasyon | Naipakita ng maayos at may tiwala ang tamang saloobin sa sitwasyon | Naipakita ng maayos ngunit may pag-aalinlangan ang tamang saloobin sa sitwasyon | Hindi naipakita ang tamang saloobin sa sitwasyon |

## ISABUHAY NATIN

1. Simulan ang aralin sa pamamagitan ng pag-awit ng tungkol sa kaibigan.

**KAIBIGAN**

Sino pa ang tutulong sa'yo kundi ang katulad ko,
kaibigan mo ako.

I
Sa akin mo sabihin ang problema mo
at magtiwala kang di ka mabibigo.
Kasama mo ako sa hirap at ginhawa
at may karamay ka sa 'yong pagdurusa.

II
Kapag nasaktan ka ay 'wag kang susuko,
kahit may takot ka ay 'wag kang magtago
Di ka nag-iisa kasama mo ako,
tawagin mo lamang di ka mabibigo

Koro:
Kaibigan kita
Kaibigan tuwina
Sino pa ang tutulong sa'yo kundi ang katulad ko
Kaibigan mo ako.

III
Ngayon nalaman mo na may kasama ka,
hinding hindi kailan pa man mag-iisa
kasama mo ako sa hirap at ginhawa
at may karamay ka sa 'yong pagdurusa

(Ulitin Koro)

2. Itanong sa mga bata kung marami silang kaibigan. Paano sila nagkaroon ng kaibigan?
3. Gawin ang Hanap-Kaibigan na matatagpuan sa modyul pahina 85. Sa loob ng 15 minuto, ang mga mag-aaral ay hahanap ng kanilang kaibigan. Isusulat ng kaibigan ang kanyang pangalan

sa isang espasyo at kung ano ang katangian ng batang may hawak na **friendly card**. Ipagawa ang friendly card sa kuwaderno.

4. Alamin kung sino sa mga bata ang may pinakamaraming kaibigan at ano-ano ang kanilang mga katangian bilang isang kaibigan.




1. Magbigay ng pagtataya gamit ang “Subukin Natin” sa pahina 86 ng modyul.




1. Paano natin dapat pakitunguhan ang ating kapwa? Bakit?
2. Ipabasa nang sabay-sabay ang “Gintong Aral”. Maaaring sipiin ito sa isang kartolina at ipaskil sa lugar na nakikita ng mga bata upang maisaulo at maisagawa.

## Aralin 2
## Kaibigang Hindi Kakilala

**Layunin:** Naipakikita ang pagiging magiliw at palakaibigan ng may pagtitiwala sa mga panauhin/bisita, bagong kakilala, taga ibang lugar

**Paksa:** Pagmamahal sa kapwa / Pagdama at pag-unawa sa damdamin ng iba (**Empathy**)

**Nakalaang Oras:** 30 minuto bawat araw sa loob ng isang lingo

**Mga Kagamitan:** tsart, mga larawan, bond paper

**Pamamaraan:**




1. Simulan ang aralin sa pamamagitan ng pagsasagawa ng paunang pagtataya. Gawin ang nasa pahina 87 - 88 ng modyul. Ipagawa ang tseklis sa kuwaderno.
2. Bigyan ng pagkakataon na mapagnilayan ng mga bata ang kanilang sagot. Pagawain ng **reflection** ang mga bata batay sa kanilang kasagutan. Talakayin at suriin ang mga sagot ng bata.
3. Ipamulat sa mga bata na kahit hindi natin kakilala ay maaari natin silang pakitunguhan ng tapat at wasto.




1. Basahin ang kuwentong "Si Andoy, ang Palakaibigan" sa modyul pahina 89 - 90.
2. Talakayin ang kuwento.
   - Sino-sino ang mga nakasalamuha ni Andoy ng araw na iyon?
   - Paano niya pinakitunguhan ang bawat isa sa kanila? ang panauhin? ang bago niyang kakilala? ang mama na hindi niya kilala?
   - Anong ugali ang ipinakita ni Andoy?
   - Magbigay ng iyong saloobin.

3. Pag-usapan kung paano natin maipakikita ang pagiging magiliw at palakaibigan sa mga panauhin/ bisita, bagong kakilala at taga ibang lugar.
4. Bigyang-diin sa talakayan na kakilala o hindi, kaibigan o panauhin ay dapat nating pakitunguhan ng pagiging magiliw. Kaibiganin natin sila ng may pagtitiwala at pag-iingat. Ipaliwanag kung bakit kailangan ding mag-ingat sa pakikipag-kaibigan.



**ISAGAWA NATIN**

1. Muling isa-isahin ang mga paraan kung paano maipakikita ng mga bata ang pagiging magiliw at palakaibigan sa mga panauhin/bisita, bagong kakilala at taga ibang lugar.
2. Magpakita ng mga larawan. Ipatukoy sa mga bata kung ito ba ay nagpapakita ng pagiging magiliw at palakaibigan o hindi.
3. Ipagawa ang gawain sa modyul pahina 93.



**ISAPUSO NATIN**

1. Alamin kung ang mga bata ay nakatagpo o nakasalamuha na ng mga panauhin/bisita, bagong kakilala o taga ibang lugar.
2. Itanong kung paano nila pinakikitunguhan ang mga ito. Pag-usapan ito sa klase.
3. Pagawain sa isang **bond paper** ang mga bata ng isang salitaan/diyalogo kung paano dapat pakitunguhan ang mga panauhin/bisita, bagong kakilala o taga ibang lugar.



**ISABUHAY NATIN**

1. Ipabasa at pasagutan ang mga sitwasyong isinasaad sa modyul pahina 94 - 95.
2. Maaaring ipakita ang kanilang mga sagot sa ibat ibang pamamaraan.
3. Gamitin ang **rubrics** sa pagtataya ng gawain.




Pasagutan ang “Subukin Natin” sa pahina 95 ng modyul.




1. Paano mo pakikitunguhan ang mga taong hindi mo kakilala? Bakit?
2. Ipabasa nang malakas ang “Gintong Aral” at ipaliwanag. Ipabasa muli sa buong klase nang sabay-sabay, pangkatan at isahan. Maaaring sipiin ito sa isang kartolina at ipaskil sa lugar na nakikita ng mga bata upang maisaulo at maisagawa.

# Aralin 3
# Tingnan Mo Kaibigan

**Layunin:** Nailalagay ang sarili sa kalagayan ng kapwa tulad ng antas ng kabuhayan, pinagmulan, pagkakaroon ng kapansanan

**Paksa:** Pagmamahal sa kapwa / Pagdama at pag-unawa sa damdamin ng iba (Empathy)

**Nakalaang Oras:** 30 minuto bawat araw sa loob ng isang linggo

**Mga Kagamitan:** cd/dvd player, mga larawan, video clip, manila paper.

**Pamamaraan**




1. Iparinig ang awit na "Bulag, Pipi at Bingi". Hingan ng interpretasyon at saloobin ang mga bata. Talakayin ito sa klase.
2. Magpakita ng larawan o **video clip** ng mga taong mahirap, **cultural minority**, mga may kapansanan. Alamin kung ano ang masasabi ng mga bata sa kanilang nakita.
3. Ipalagay sa mga bata ang sarili sa kalagayan ng mga ipinakitang larawan/**video clip**. Itanong kung ano ang kanilang mararamdaman kung sila ang nasa kalagayan ng mga nasa larawan o **video clip**.
4. Ipaunawa sa mga bata na iba't ibang uri ng tao ang nakakasalamuha natin araw-araw. Nagkakaiba tayo sa antas ng ating kabuhayan, pinagmulan at pisikal na kaanyuan.




1. Basahin ang kuwentong "Ang Batang Magiliw" sa modyul pahina 97 - 99.
2. Pag-usapan ang ugaling ipinakita ni Carlo sa kuwento. Paano niya ipinakita ang pagkamagiliw sa iba.
3. Iugnay at pagkumparahin ang ugaling ipinakita ni Carlo sa kuwento at sa ugali ng mga bata.

4. Ipaliwanag sa mga bata na upang maunawaan natin ang damdamin at pangangailangan ng iba, kinakailangang mailagay natin ang ating sarili sa kalagayan ng kapwa.



**ISAGAWA NATIN**

1. Hatiin sa lima ang klase. Bawat pangkat ay bibigyan ng mga sitwasyon na kailangan ng kanilang reaksiyon.
2. Pag-usapan ito ng bawat pangkat.
3. Ilahad ito sa klase.



**ISAPUSO NATIN**

1. Pakuhanin ng kapareha ang mga bata.
2. Ipagawa ang nasa pahina 102 ng modyul. Gumawa ng salitaan na magpapakita kung paano pakikitunguhan ang mga sitwasyon na nasa modyul.
3. Ireport ito sa klase.



**ISABUHAY NATIN**

1. Patingnan ang larawan sa modyul pahina 102.
2. Gumuhit ng 1-2 paraan kung paano nila pakikitunguhan ang nasa larawan.
3. Ipaliwanag ito sa klase.




1. Pasagutan ang "Subukin Natin" sa pahina 103 ng Modyul.




1. Ano ang dapat nating gawin kung may nakasalamuha tayong may mababang antas ng pamumuhay kaysa sa atin? May kapansanan? Iba ang pinagmulan? Bakit?
2. Ipabasa nang sabay-sabay ang "Gintong Aral". Tanungin ang mga bata kung ano ang ibig sabihin nito. Maaaring sipiin ito sa isang kartolina at ipaskil sa lugar na nakikita ng mga bata. Hikayating maisaulo ito.

# Aralin 4
# Sa Salita at Gawa: Ako'y Magalang

**Layunin**: Natutukoy ang mga pananalitang nagpapakita ng paggalang.

**Paksa:** Pagiging magalang

**Nakalaang Oras**: 30 minuto bawat araw sa loob ng isang linggo

**Mga Kagamitan:** krayola, larawan, lumang magasin, at pandikit

**Pamamaraan:**



**ALAMIN NATIN**

1. Tanungin ang mga bata tungkol sa mga ginagamit na magagalang na pananalita ng mga bata sa bahay at paaralan. Asahan ang iba't ibang kasagutan.
2. Basahin nang tahimik ang tula na may pamagat na "**Magalang na Pananalita**" sa pahina 104 - 105 ng modyul.
3. Ipabasa muli ang tula nang malakas. Maaari itong gawing isahan o pangkatan.
4. Matapos basahin ang tula, pasagutan ang mga tanong sa modyul pahina 105.
5. Sa pagtatalakayan, sikaping maipaunawa sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng paggamit ng magagalang na salita sa pakikipag-usap sa kapwa.



**ISAISIP NATIN**

1. Gawin ang nakalaang gawain "Opo sa Upo" sa pahina 106 - 107 ng modyul.
2. Ipabasa at ipasuri sa mga mag-aaral ang mga salitang nakasulat sa bawat upo. Pipiliin ng mga bata ang mga upo na may magagalang na salita sa pamamagitan nang pagguhit mula upo hanggang sa **basket**. (Maaari itong gawin sa **manila paper**.

Gumawa ng **cut-outs** na upo na may nakasulat na magagalang na salita kagaya ng nasa modyul. Pipitasin ng bata ang upo na may magagalang na salita at ilalagay sa **basket**.)

3. Sagutin ang sumusunod na tanong:
   a. Ano ang ipinahihiwatig ng mga salitang nakasulat sa bawat upo?
   b. Bakit mahalaga ang pagpapakita ng paggalang sa kapwa?
   c. Bilang isang mag-aaral, paano mo maipakikita ang paggalang sa inyong bahay at paaralan?
4. Bigyang-diin ang **ating tandaan**. Ipabasa sa bata ng sabay-sabay hanggang sa ito ay matandaan nila.



**ISAGAWA NATIN**

1. Ipasuri ang bawat larawan. Piliin ang bilang ng larawan na nagpapakita ng paggalang sa Gawain 1 pahina 107 - 108. Pasagutan ito sa mga bata sa sagutang papel o kuwaderno. (Ang mga larawan na nagpapakita ng paggalang ay bilang 1, 2, at 5).
2. Sagutan ang Gawain 2 pahina 109. Ipabasa sa mga bata ang iba't-ibang sitwasyon. Pasagutan muli sa sagutang papel o kuwaderno. (Ang sagot sa bilang 1. b, 2. c; 3. a; 4. e; at 5.d).
3. Suriin ang kinalabasan. Kung maraming bata pa ang hindi nakaunawa ng aralin, bigyang muli ng karagdagang pagsasanay.



**ISAPUSO NATIN**

1. Pasagutan ang tseklis sa mga bata sa pamamagitan ng paglalagay ng puso sa hanay na kung gaano kadalas sinasabi ang mga magagalang na salita sa kapwa.
2. Asahan ang iba't ibang kasagutan.



## ISABUHAY NATIN

1. Magpadala sa bata ng lumang magasin upang gumupit ng larawan na nagpapakita ng paggalang.
2. Ipadikit ang larawan sa kuwaderno.
3. Ipasulat ang magagalang na salita na maaaring sinasaad ng larawan.



## SUBUKIN NATIN

1. Pasagutan ang pahina 111 - 112 ng modyul. Tiyaking naintindihan ito ng lahat. Ipasulat ang sagot sa papel.

2. Ang mga bilang na may sagot na **tama** ay 1, 3, 4 at 5; at **mali** naman para sa bilang 2.



## GINTONG ARAL

1. Itanong sa mga bata:
   - Sa inyong palagay, sa paanong paraan ninyo ipinapakita ang paggalang? Bakit?
2. Basahin ng malakas ang "Gintong Aral" at ipaliwanag. Ipabasa rin nang pangkatan at isahan. Maaaring sipiin ito sa isang kartolina at ipaskil sa lugar na nakikita ng mga bata. Ipasaulo ito.

# Aralin 5
# Kapwa Ko! Igagalang Ko!

**Layunin**: Naipapakita ang paggalang sa kapwa bata at sa pamunuan ng paaralan.

**Paksa:** Pagiging magalang

**Nakalaang Oras**: 30 minuto bawat araw sa loob ng isang linggo

**Mga Kagamitan:** krayola, larawan

**Pamamaraan:**




1. Magbalik-aral sa magagalang na pananalita. Maaring gawin ito sa pamamagitan ng laro o talakayan.
2. Basahin nang tahimik ang kuwentong "Ang Batang Magalang" sa pahina 113 - 115 ng modyul.
3. Ipabasa muli ang kuwento nang pabigkas sa bawat bata ang bawat talata hanggang sa matapos ang kuwento.
4. Matapos basahin ang kuwento, pasagutan ang mga tanong sa modyul pahina 115.
5. Sa oras ng talakayan, sikaping maipaunawa sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagpapakita ng paggalang sa kapwa bata at sa pamunuan ng paaralan.




1. Ipasuri sa mga mag-aaral ang mga larawang nagpapakita ng paggalang.
2. Pag-usapan ang mga salitang nabanggit sa pamamagitan ng sumusunod na tanong:
   a. Sino-sino ang bumubuo ng pamunuan ng paaralan?
   b. Paano ipinakikita ng mga bata ang paggalang sa pamunuan ng paaralan?

c. Bilang isang mag-aaral, bakit kinakailangan mong ipakita ang paggalang sa pamunuan ng paaralan?
d. Magbigay ng ilan pang mga halimbawa ng magagalang na pananalita na maaari gamitin sa pakikipag-usap sa pamunuan ng iyong paaralan?

3. Bigyang-diin ang **ating tandaan**. Ipabasa sa bata ng sabay-sabay hanggang sa ito ay maisaisip nila.




1. Ipabasa ang mga sitwasyon na nagpapakita ng paggalang sa Gawain 1 pahina 118 - 119. Pasagutan ito sa sagutang papel o kuwaderno. (Ang sagot sa bilang 1, 2 at 4 ay letrang c, 3. a, at 5. b).
2. Ipabasa sa mga bata ang iba't ibang sitwasyon sa Gawain 2 ng modyul pahina 120. Pasagutan muli sa sagutang papel o kuwaderno. (Ang mga posibleng kasagutan ay ang sumusunod: 1. "maaari po bang makiraan"; 2. "magandang umaga o tanghali po"; 3. "maaari po bang pumunta sa palikuran?"; 4. "ipagpaumanhin, hindi ko dala"; at 5. "maraming salamat".
3. Suriin ang kinalabasan. Kung maraming bata pa ang hindi nakaunawa ng aralin, maaaring bigyang muli ng karagdagang pagsasanay.




1. Pasagutan ang bawat bilang sa pamamagitan ng pagguhit ng bituin at pagkulay nito ayon sa kung gaano kadalas ginagawa ang pagpapakita ng paggalang sa kapwa bata at pamunuan ng paaralan. Gamitin ang pamantayan sa modyul pahina 120 - 121.
2. Asahan ang iba't ibang kasagutan.



## ISABUHAY NATIN

1. Ngayon ay alam na ng mga bata ang kahalagahan ng pagpapakita ng paggalang sa kapwa bata at sa pamunuan ng paaralan.
2. Ipaguhit kung paano ipapakita ang paggalang sa kapwa bata at maging sa pamunuan ng paaralan.



## SUBUKIN NATIN

1. Ipabasa ng malakas ang panuto sa "Subukin Natin" pahina 122 ng modyul. Tiyaking naintindihan ito ng lahat. Ipasulat ang mga sagot sa papel.

2. Ang mga bilang na may tsek (✓) ay 2 at 4; at ekis (×) naman para sa bilang 1, 3 at 5.



## GINTONG ARAL

1. Itanong sa mga bata:
    - Sa inyong palagay, sino ang inyong pinapagsaya kapag kayo ay nagpapakita ng paggalang sa kapwa?
2. Ipabasa nang sabay-sabay ang "Gintong Aral". Maaaring sipiin ito sa isang kartolinang at ipaskil sa lugar na nakikita ng mga bata upang maisaulo at maisagawa.

# Aralin 6
# Kapwa ko, Mahal ko

**Layunin:** Nakikilala ang mabuting gawa sa kapwa.

**Paksa:** Pagiging magalang
**Nakalaang Oras:** 30 minuto bawat araw sa loob ng isang linggo

**Mga Kagamitan:** larawan, krayola

**Pamamaraan:**




1. Ipakita ang larawan ng mga batang nagtutulungan.
   Tanungin ang mga bata:
   Ano ang ginagawa ng mga bata sa larawan? nagagawa ba ninyo ito?
2. Talakayin ang mabubuting gawain na magagawa sa kapwa.
   Pag-usapan ang ilang gawaing nagpapakita ng pagtulong.
   Pagbahaginin ang mga bata ng kanilang mga karanasan.




1. Sandaling ipapikit ang mga mata ng mga bata. Ipaalala ang mabubuting gawa na ipinakita nila sa kanilang kapwa.
2. Ipasulat ito sa sagutang papel. Sa loob ng 3 minuto, papirmahan ito sa kaklase na pinakitaan ng mabuting gawa. Ipaulat ito sa klase.
3. Pasagutan ang gawain sa pahina 124 ng modyul.
4. Talakayin ang kasagutan ng mga bata. Bigyang-diin sa talakayan na ang paggawa ng mabuti sa kapwa ay may natatamong pagpapala.



## ISAGAWA NATIN

1. Balikan ang mga gawaing nagpapakita ng pagmamahal sa kapwa.
2. Ipasagot ang Gawain 1. Talakayin ang kasagutan ng mga bata. Hayaang magpaliwanag sila ng kanilang kasagutan.
3. Ipagawa ang Gawain 2.
4. Palagdaan sa magulang ang kanilang kasagutan.



## ISAPUSO NATIN

1. Magpakita ng larawan gaya ng nasa modyul sa pahina 127.
2. Ipalagay ang sarili ng mga bata sa batang pinagtatawanan sa larawan. Hingan ng saloobin ang mga bata. Isulat sa loob ng puso.
3. Itanong sa mga bata. Kung ikaw naman ang nakakita ng pangyayari, ano ang gagawin mo? Isulat rin sa loob ng puso.
4. Tumawag ng ilang bata na magbabahagi sa klase.



## ISABUHAY NATIN

1. Ipabasa sa mga bata ang sitwasyon na nasa modyul pahina 128.
2. Alamin kung paano nila maipakikita ang pagtulong sa kanya. Piliin ang kasagutan sa mga larawan sa ibaba. Ipaliwanag sa harap ng klase ang kasagutan.



## SUBUKIN NATIN

1. Pasagutan ang "Subukin Natin" pahina 129 ng modyul.
2. Talakayin ang mga kasagutan.



## GINTONG ARAL

1. Itanong:
    - Dapat bang ipakita ang pagmamahal sa iyong kapwa? Bakit?
2. Ipabasa nang sabay-sabay ang "Gintong Aral". Maaaring sipiin ito sa isang kartolina at ipaskil sa lugar na nakikita ng mga bata upang maisaulo at maisagawa.

# Aralin 7
# Ako ay Batang Matulungin

**Layunin:** Nasasabi na mahalaga ang paggawa ng mabuti sa kapwa

**Paksa:** Pagmamalasakit sa kapwa

**Nakalaang Oras:** 30 minuto bawat araw sa loob ng isang linggo.

**Mga Kagamitan:** larawan, krayola

**Pamamaraan:**




1. Ilahad ang mga larawan.
2. Talakayin ang kahalagahan ng pagiging matulungin.
3. Ipaunawa nga kahulugan nito.
4. Pasagutan ang tseklis sa pahina 131 ng modyul.




1. Balikan nag tseklis at talakayin ito.
2. Ipabigay ang saloobin ng mga bata tungkol dito.




1. Magpakita ng mga larawan ng pagtulong at hindi pagtulong sa kapwa. Tukuyin kung ang larawan ay nagpapakita ng pagtulong sa kapwa o hindi. Kung hindi, sabihin kung ano ang dapat gawin ng nasa larawan.
2. Pasagutan ang pagsasanay sa pahina 133 ng modyul.



### ISAPUSO NATIN

1. Magkaroon ng bahaginan sa klase tungkol sa nagawa nilang kabutihan sa kapwa.
2. Alamin kung ano ang kanilang nadarama kapag nakakagawa sila nang mabuti sa kapwa.



### ISABUHAY NATIN

1. Magkaroon ng dula-dulaan o pangkatang gawain. Bawat pangkat ay magsasadula ng pagpapakita ng pagtulong sa kapwa.
2. Pagtalakayan ang kanilang ipinakita.



### SUBUKIN NATIN

1. Pasagutan sa mga bata ang pagtataya sa pahina 135 ng modyul pamamagitan ng pagguhit ng masayang mukha at malungkot na mukha sa mga sitwasyong babasahin ng guro.



### GINTONG ARAL

1. Naranasan na ba ninyong tumulong sa iyong kapwa? Sa papaanong paraan?
2. Ipabasa nang sabay-sabay ang "Gintong Aral". Maaaring sipiin ito sa isang kartolina at ipaskil sa lugar na nakikita ng mga bata upang maisaulo at maisagawa.

# Aralin 8
# Malasakit Mo, Natutukoy at Nararamdaman Ko!

**Layunin.** Natutukoy ang mga kilos at gawaing nagpapakita ng pagmamalasakit sa mga kasapi ng paaralan at pamayanan.

**Paksa.** Pagmamlasakit sa Kapwa

**Nakalaang Oras:** 30 minuto bawat araw sa loob ng isang linggo

**Mga Kagamitan:** larawang nagpapakita ng pagmamalasakit sa kapwa, krayola upang kulayan ang mga iguguhit, kartolina upang iguhit ang maze, laptop (optional)

**Pamamaraan:**




1. Simulan ang aralin sa pag-awit ng “Pananagutan”.

    **Pananagutan**

    Walang sinuman ang nabubuhay
    Para sa sarili lamang
    Walang sinuman ang namamatay
    Para sa sarili lamang.

    Tayong lahat ay may pananagutan
    Sa isa’t isa
    Tayong lahat ay tinipon ng Diyos
    Na kapiling N’ya.

2. Magpakita ng mga larawan ng pagtulong sa ibang tao. (Maaari itong nasa **computer** o kaya ay sa **magazine** at dyaryo) Itanong sa mga bata:
    a. Naranasan  na ba ninyong tumulong sa kapwa?
    b. Paano ninyo ito ginawa?

3. Talakayin ang sagot ng mga bata sa gawain sa modyul pahina 136 - 137.
    a. Sariwain sa mag-aaral ang mga kasapi ng paaralan at pamayanan.
    b. Itanong sa mga bata kung alin sa mga larawan ang hindi nagpapakita ng pagmamalasakit.



## ISAISIP NATIN

1. Sa pahina 138 - 139 ay makikita ang kuwentong “Matulungin si Kaloy”. Maari itong isadula o gamitan ng malikhaing pagbasa (**creative reading**).
2. Sa pag-uusap tungkol sa kuwento, bigyang diin ang sumusunod na katanungan.
    a. Kanino nagpakita ng pagmamalasakit si Kaloy?
    b. Tama ba ang kanyang ginawa?
    c. Kaya din ba nilang gawin ang ipinakita nitong pagmamalasakit sa kapwa?
    d. Bakit kailangan nilang magmalasakit sa mga kasapi ng paaralan at pamayanan?
3. Pasagutan sa mga bata ang Gawain sa modyul, pahina 139. Isulat ang sagot sa kanilang kuwaderno at talakayin ang kanilang sagot. Ipabasa nang sabay-sabay ang kaisipang dapat nilang tandaan.



## ISAGAWA NATIN

1. Pangkatin ang mga bata para sa Gawain sa modyul pahina 141 - 142.
    a. Bigyan sila ng 10-15 minuto upang maghanda ng kanilang pangkatang gawain na ipapakita sa loob ng 2-3 minuto.
    b. Bigyan ng pamantayan ang kanilang gawain. (Gamitin ang angkop na pamantayan na ginamit sa ibang aralin)
    c. Hingan ng opinyon ang bawat pangkat tungkol sa ipinakitang gawain.
2. Bilang gawaing bahay ay pagupitin ang mga bata ng tatlong puso gamit ang pulang papel. Magbigay ng tamang sukat upang maisulat ang 2-3 pangungusap. (gagamitin ito sa susunod na gawain)



## ISAPUSO NATIN

1. Ipadikit sa kuwaderno ang mga ginupit na pulang puso. Pasagutan sa mga bata ang sumusunod na tanong.
   a. Ano ang iyong nararamdaman tuwing nagpapakita ka ng pagmamalasakit sa kapwa?
   b. Ano ang iyong mararamdaman kapag may nakikita kang batang pinagtatawanan o kinukutya?
   c. Ano ang inyong nararamdaman kapag may mga kapwa batang nagmalasakit sa kanila.



## ISABUHAY NATIN

1. Ipaliwag sa mag-aaral kung ano ang **maze**. Gamit ang **computer o anumang visual aids**, maaring magbigay ng mga halimbawa ng **maze**.

   Gawin sa isang kartolina ang **maze** na nasa modyul pahina 143 at ipaliwanag ito sa mga bata.
   (Maari itong gawing paligsahan ng pabilisan sa paghanap ng tamang daan.)
2. Ipaliwanag ang kahalagahan ng pagmamalasakit na gagawin nila kay Lola Tinay.
3. Pasagutan at talakayin ang Gawain 2 pahina 144 ng modyul.



## SUBUKIN NATIN

1. Gamit ang sagutang papel, pasagutan sa mga bata ang pagtataya sa modyul pahina 145.



## GINTONG ARAL

1. Ipabasa ang "Gintong Aral", at pasagutan ng pabigkas ang mga sumusunod na tanong:
   a. Maari ka  na bang magpakita ng higit na pagmamalasakit sa kapwa?
   b. Bakit kailangan mo itong gawin?

# Aralin 9
# Pagmamahal Ko, Pinakikita at Ginagawa Ko!

**Layunin.** Naipakikita ang pagmamalasakit sa mga kasapi ng paaralan at pamayanan sa iba't ibang paraan.

**Paksa.** Pagmamlasakit sa Kapwa

**Nakalaang Oras:** 30 minuto bawat araw sa loob ng isang linggo.

**Mga Kagamitan:** larawang nagpapakita ng pagmamalasakit sa kapwa, krayola para sa mga iguguhit, iba't ibang babasahin at dyaryo, laptop (optional)

**Pamamaraan:**




1. Itanong sa mag-aaral kung may kilala silang mga batang may kapansanan. Ano ang kanilang ginagawa kapag may nakasabay silang may kapansanan sa paglalakad.
2. Ipabasa ang kuwentong "Halika, Kaibigan" pahina 146 – 148 ng modyul. Maaaring gamitan ng malikhaing pagbasa upang mas mabigyang buhay at maintindihan ang mga diyalogo. Bigyang diin sa talakayan ang sumusunod na tanong:
   a. Sino ang nagmalasakit sa batang may kapansanan?
   b. Paano niya ipinakita ang pagmamalasakit?
   c. Bakit dapat tularan at ipagmalaki ang ginawa ni Kaloy?
   d. Kaya mo rin bang magmalasakit sa kapwa tulad ng ginawa ni Kaloy?
   e. Bakit hindi n'yo dapat tularan si Pam?




1. Mula sa **internet** o sa mga babasahin, magpakita ng larawan ng mga taong namamahagi ng regalo. Maari ding magpadala ng mga ginupit na larawan na nagpapakita ng mga nagbibigay ng **relief goods** sa **Evacuation Centers**.

2. Mabuti din kung may kuwento ng mga tunay na nangyari sa panahon ng kalamidad.
3. Ipasuri sa mga mag-aaral ang mga larawan sa modyul pahina 149. Itanong sa mga bata kung alin sa mga larawan ang kaya nilang gawin.
4. Bigyang diin sa talakayan kung bakit kailangan nilang magpakita ng pagmamalasakit sa mga kasapi ng paaralan at pamayanan, kailan at paano nila ito pinakikita?
5. Ipabasa sa mga bata ang kaisipang dapat nilang tandaan.
6. Bilang gawaing bahay ay hayaang gumupit ang mga bata ng mga larawang nagpapakita ng pagmamalasakit sa kapwa.



## ISAGAWA NATIN

1. Ipadikit sa mga bata sa magkahiwalay na bond paper ang mga larawang ngpapakita ng pagmamalasakit sa mga kasapi ng pamayanan at paaralan. Talakayin ang kanilang **output.**
2. Pangkatin ang klase. Ipabasa sa mga bata ang mga sitwasyon sa Gawain 2 pahina 151 - 152 ng modyul. Pag-usapan ng pangkat ang kanilang kasagutan sa mga tanong.
3. Iulat sa klase ang kanilang kasagutan.



## ISAPUSO NATIN

1. Ipaliwanag sa mga bata na maaari tayong makatulong sa mga biktima ng kalamidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng donasyon.
2. Ipasagot sa mga bata ang gawain sa pahina 153 ng modyul. Maaari itong ipaguhit at ipasulat sa **bond paper**.
3. Ipadikit sa pisara ang natapos nilang gawain. Sa pagdidikit sa pisara, pagsama-samahin ang kanilang kasagutan ayon sa uri nito. Tumawag ng ilang bata na magbabahagi ng kanilang kasagutan.



## ISABUHAY NATIN

1. Pasagutan sa mag-aaral ang tsart.
2. Suriin ang kasagutan ng mga bata. Alamin kung bakit hindi pa nila nagagawa ang ilang sitwasyon.
3. Himukin ang mga bata na magbahagi ng ilan pang gawain na nagpapakita ng pagmamalasakit sa paaralan at pamayanan na maaring gawin ng mga bata.



## SUBUKIN NATIN

1. Pasagutan ang mga gawain sa modyul pahina 155.

   Mga inaasahang sagot:
   1. A
   2. B
   3. B
   4. B
   5. A



## GINTONG ARAL

1. Talakayin ang gintong aral sa pamamgitan ng pagtatanong sa mga bata:
   - Sino sino ang dapat mong pagmalasakitan? Bakit kailangan mo itong gawin?
2. Ipabasa nang sabay-sabay ang "Gintong Aral". Maaaring sipiin ito sa isang kartolina at ipaskil sa lugar na nakikita ng mga bata upang maisaulo at maisagawa.

# Yunit 3
# Pagmamahal sa Bansa at Pakikibahagi sa Pandaigdigang Pagkakaisa

**Kabuuang Pananaw:**

Sa murang gulang ng mga bata ay dapat maipamulat sa kanila ang pagmamahal sa bansa at pakikibahagi sa pandaigdigang pagkakaisa. Ito'y maituturo sa kanila sa pamamagitan ng pagbibigay halimbawa nang mga tamang gawi upang maging mabuting mamamayang Pilipino.

Ang pagtuturo sa kanila ng kanilang mga karapatan ay isang hakbang upang malaman ng mga bata na sila ay may malaking papel na ginagampanan sa lipunan. Mahalagang ipaunawa sa kanila ang kanilang tungkulin sa pagpapaunlad ng pamayanang kanilang ginagalawan. Ang pakikibahagi sa mga gawain sa tahanan, paaralan, at pamayanan ay pagpapakita ng pagmamahal at pakikiisa sa mithiing makamit ang pambansang kaunlaran.

Ang wastong pagsunod sa mga babala ng trapiko ay makatutulong upang sila ay masanay at lumaking may disiplina at paggalang sa mga batas. Ang pagkakaroon ng masunuring mamamayan ay susi nang isang maunlad at payapang lipunan.

Mapananatili ang kagandahan ng kapaligiran kung ang mag-aaral ay matuturuan nang wastong paraan ng pagtatanim at pag-aalaga ng mga halaman. Gayon din ang pagtuturo sa kanila kung paano maiiwasan ang polusyon at kalamidad sanhi nang maling pagtatapon ng basura.

Matapos ang yunit na ito ay inaasahang magsisimulang maging ehemplo ng kapayapaan ang mga mag-aaral.

Upang matugunan ang pananaw na ito, ang ikatlong yunit ay hinati sa siyam na aralin:

| | |
|---|---|
| Aralin 1: | Karapatan Mo, Karapatan Ko |
| Aralin 2: | Karapatan Ko, Kasiyahan Ko |
| Aralin 3: | Salamat sa Karapatan! |
| Aralin 4: | Hinto, Hintay, Tawid! |
| Aralin 5: | Basura mo, Itapon ng Wasto! |
| Aralin 6: | Luntiang Paligid Mo, Ligaya sa Puso Ko! |
| Aralin 7: | Kalinisan at Kaayusan sa Paaralan, Pananatilihin Ko! |
| Aralin 8: | Kalinisan at Kaayusan sa Pamayanan, Pananagutan Ko! |
| Aralin 9: | Kapayapaan sa Bayan Ko |

Ituturo ang yunit na ito sa loob ng siyam na linggo nang ikatlong kwarter.

Mga Gabay na Katanungan

Ang sumusunod na mga katanungan ang magiging gabay sa pagtalakay ng mga aralin sa yunit na ito.

1. Ano-ano ang mga karapatang maaring tamasahin ng isang bata at sino ang nagbibigay nito sa kanya?
2. Paano siya magpapasalamat para sa mga karapatang tinatamasa?
3. Ano-anong paraan ang dapat matutunan ng isang bata upang makatulong siya sa pagpapanatili ng kalinisan, kaayusan, at kapayapaan sa pamayanan at bansa?
4. Ano-anong programa ng paaralan at pamayanan ang maaring salihan ng isang bata upang maging gabay niya sa pagiging disiplinadong mamamayan?
5. Paano maipakikita ng isang bata ang pagiging ehemplo ng kapayapaan?

# Aralin 1
# Karapatan Mo, Karapatan Ko

**Layunin:** Natutukoy ang mga karapatang maaaring ibigay ng mag-anak

**Paksa:** Pagkamasunurin
**Nakalaang Oras:** 30 minuto bawat araw sa loob ng isang linggo
**Mga Kagamitan:** mga larawan, cd/dvd player, video clip, tsart, graph, manila paper, typewriting paper

**Pamamaraan**




1. Simulan ang aralin sa pag-awit ng Bawat Bata.
2. Gabayan ang mga bata sa pag-analisa ng mga titik at kahulugan ng awit
3. Hingan ng reaksiyon ang mga bata habang tinatalakay ang awit.
4. Tapusin ang talakayan sa muling pag-awit ng Bawat Bata




1. Basahin ang kuwento ni Moy. Gumamit ng larawan o **video presentation** sa pagkukuwento.
2. Sa pagkukuwento, ipadama sa mga bata ang mga karanasan ni Moy.
3. Talakayin ang kuwento. Isa-isahin ang mga nangyari sa buhay ni Moy. Tumbasan ito ng karapatan na dapat tamasahin ng bata. Isulat ito sa tsart.

Halimbawa:

| Mga Naranasan ni Moy | Mga Karapatan ng Bata |
|---|---|
| Hindi pumapasok sa paaralan | Karapatang mabigyan ng sapat na edukasyon |
| Naghahanapbuhay | Karapatan na magkaroon ng pamilyang mag-aaruga |
| Hindi makapaglaro | Karapatang makapaglibang |

4. Isa-isahin ang mga karapatan ng Bata ayon sa **UNICEF**. Ipaliwanag kung paano ito matatamasa ng mga bata.
5. Tayahin ang mga bata kung ang mga ito ay tinatamasa nila sa ngayon. Bakit?



**ISAGAWA NATIN**

1. Muling balikan ang mga karapatan ng bata na maaaring ibigay ng mag-anak. Tukuyin ito isa-isa.
2. Pasagutan sa kuwaderno ang Gawain 1 at 2 sa pahina 162 - 163 ng modyul.



**ISAPUSO NATIN**

1. Alamin sa mga bata ang mga karapatan na kanilang tinatamasa. Ipaliwanag sa bata na dapat makamtan ng bawat bata ang mga karapatang nabanggit subalit may mga pagkakataon na wala nito ang ibang bata.
2. Ipasuri ang kanilang mga sarili. Alamin kung ano ang antas ng pagtamasa ng mga bata ng kanilang karapatan.
3. Pasagutan sa kuwaderno ang **graph** sa pahina 164 ng modyul.



**ISABUHAY NATIN**

1. Mula sa **graph** na ginawa ng mga bata, napagnilayan nila ang mga karapatan na kanilang tinatamasa.
2. Ipasulat sa loob ng puso ang letra ng karapatan na pinakamasaya nilang nararanasan at sa biyak na puso kung hindi o hindi nila masyadong nararanasan ang karapatan. Ipagawa ito sa kanilang kuwaderno.

## SUBUKIN NATIN

1. Magsagawa ng pagtataya sa mga karapatan ng bata. Pasagutan ang Subukin sa pahina 166 ng modyul.

## GINTONG ARAL

1. Saan unang nagmumula ang karapatang tinatamasa ng mga bata?
2. Ipabasa nang sabay-sabay ang "Gintong Aral". Maaaring sipiin ito sa isang kartolina at ipaskil sa lugar na nakikita ng mga bata upang maisaulo at maisagawa.

## Aralin 2
## Karapatan Ko, Kasiyahan Ko!

**Layunin:** Naipahahayag ang kasiyahan sa karapatang tinatamasa

**Paksa:** Paggalang sa karapatang pantao
**Nakalaang Oras:** 30 minuto bawat araw sa loob ng isang linggo.
**Mga Kagamitan:** oslo paper upang gawing guhitan, krayolang pangkulay sa mga iginuhit

**Pamamaraan:**




1. Simulan ang aralin sa pamamgitan ng pagtatanong sa mga mag-aaral kung ano ang nakikita nila sa mga larawan.
   a. Ipasulat sa kuwaderno ang letra o mga letra ng kanilang napiling mga sagot.
   b. Bigyan sila ng tatlong minuto upang sagutan ang gawain. Gabayan ang mga bata sa pagtalakay ng kanilang sagot sa harap ng klase.




1. Pasagutan sa mga bata ang Gawain 1 sa kanilang kuwaderno.
2. Para sa ikalawang gawain, pagdrowingin ang mga bata ng bahay sa kanilang kuwaderno. (Maaari ding magbigay ang guro ng ginupit na drowing ng bahay upang dito isulat ng mga bata ang kanilang sagot).
3. Ipaliwanag sa mga bata na dapat silang maging masaya sapagkat naibibigay sa kanila ng kanilang mga magulang ang mga karapatan. Dapat ding maunawaan ng mga bata na hindi lahat ng bata ay nagtatamasa ng mga karapaptang katulad ng kanilang nakakamit.



## ISAGAWA NATIN

1. Pangkatin ang klase sa apat at ipagawa ang pangkatang gawain. Bigyan sila ng 10 minuto upang paghandaan ang kanilang **output**. Ito'y tatalakayin sa harap ng klase sa loob ng 2-3 minuto.
2. Sukatin ang kanilang presentasyon sa pamamagitan ng pamantayan sa ibaba.

Pamantayan sa Presentasyon ng Pangkat

| Mga Pangkat | Nilalaman ng **output** / kaugnayan sa paksa (**relevance to the topic**) | Kahandaan sa presentasyon | Sigla sa presentasyon (**enthusiasm**) |
|---|---|---|---|
| 1. | | | |
| 2. | | | |
| 3. | | | |
| 4. | | | |


3 medalya-nagawa ng buong husay ang gawain


2 medalya- nagawa ang presentasyon subalit hindi nakaabot sa pamantayan


1 medalya- kulang o hindi handa ang pangkat sa presentasyon

3. Ang Gawain 2 ay ibigay na gawaing bahay.



## ISAPUSO NATIN

1. Ipasulat at pasugutan sa papel ang mga pangungusap.
2. Pagsulatin din ng maikling talata ang mga bata at ipabasa ito sa harap ng klase.



## ISABUHAY NATIN

1. Maaring simulan ang klase sa pagbabalik-aral upang maalala ang konsepto ng pamilya, simbahan, paaralan, at pamahalaan. Ang mga larawan ay makatutulong sa pagbabalik-aral.
2. Ang tsart ay pwedeng sagutan habang tinatalakay, o maari ding ipagawa sa kuwarderno.



## SUBUKIN NATIN

1. Pasagutan ang pagsusulit na nasa modyul pahina 173 - 174. Isulat ito sa sagutang papel.



## GINTONG ARAL

1. Ipabasa nang sabay-sabay ang "Gintong Aral". Maaaring sipiin ito sa isang kartolinang at ipaskil sa lugar na nakikita ng mga bata upang maisaulo at maisagawa.
2. Itanong din sa mga bata ito:
    - Masaya ka ba sa iyong mga karapatang tinatamasa? Bakit?

## Aralin 3
## Salamat sa Karapatan!

**Layunin:** Naipahahayag ang kasiyahan sa karapatang tinatamasa.

**Paksa:** Paggalang sa karapatang pantao
**Nakalaang Oras:** 30 minuto bawat araw sa loob ng isang linggo.
**Mga Kagamitan:** larawan, krayolang pangkulay sa mga iguguhit, laptop (optional)

**Pamamaraan:**




1. Simulan ang aralin sa pagtalakay sa larawan na may kaugnayan sa babasahing kwento. Maaring magpakita ng mga larawan ng mag-anak na nagtutulungan sa mga gawain o kaya ay isang bata na tinutulungan ng kanyang pamilya sa aralin.
2. Ipabasa ang kuwentong "Wow, Ang Galing Naman!" at pag-usapan ang mga tanong sa ibaba nito. Bigyang diin sa talakayan ang sumusunod na tanong:
   a. Bakit nagpasalamat si Carla sa kanyang ina?
   b. Ayon sa kanilang binasa, anong mga karapatan ang naibibigay kay Carla?
   c. Sino ang nagbibigay nito sa kanya?
   d. Katulad din ba sila ni Carla na nagtatamasa ng karapatan?
   e. Paano sila nagpapasalamat sa nagbibigay sa kanila ng karapatan?




1. Bilang pagbabalik-aral ay maaring gawing laro ang gawain sa modyul pahina 176 - 177.
   a. Magbigay ng **meta card** sa mga bata habang nakadikit sa pisara ang mga larawan.

b. Ipasulat sa meta card kung anong karapatan ng bata ang ipinakikita sa larawan at idikit ang sagot sa tapat ng larawan.
c. Hingin ang opinyon ng mga bata tungkol sa ginagawa nilang pagpapasalamat sa mga karapatang tinatamasa nila.



**ISAGAWA NATIN**

1. Pangkatin ang klase sa apat at bigyan ng mga alituntunin ang mga pangkat para sa kanilang **output**.
   a. Bigyan ng 10-15 minuto ang bawat pangkat upang maghanda ng tatlong minutong presentasyon.
   b. Gamitin ang sukatan sa pamantayan na ginamit sa mga naunang aralin.
2. Hingin ang puna ng ibang pangkat sa pagproseso ng mga presentasyon.



**ISAPUSO NATIN**

1. Gabayan ang mga bata upang mabuo ang larawang kuwento. Maari itong gawin sa pisara o kaya ay sa isang **coupon bond**. Mas makabubuti kung ito'y gagawing pangkatang gawain.



**ISABUHAY NATIN**

1. Bigyan ang mga bata ng panuto upang magawa ng maayos ang gawain.
   a. Ang bawat mag-aaral ay may hawakna lapis at **meta card** upang isulat ang sasabihin ng kamag-aral.
2. Bigyan lamang ng limang minuto ang pag-uusap nang bawat magkapareha. Bawat isang bata ay mag-uulat ng kanilang napag-usapan.



## SUBUKIN NATIN

1. Pasulatin ang mga bata ng isang kuwentong nagsasaad ng tinatamasa nilang karapatan, paano nila ito nakakamit at sino ang nagbibigay nito sa kanila. Isama nila sa kuwento kung paano sila nagpapasalamat para sa karapatang ito.



## GINTONG ARAL

1. Ipabasa nang sabay-sabay ang "Gintong Aral". Maaaring sipiin ito sa isang kartolina at ipaskil sa lugar na nakikita ng mga bata upang maisaulo at maisagawa.
2. Itanong din ang sumusunod:
   a. Pinasalamatan mo na ba ang mga taong nagbibigay sa 'yo ng iyong mga karapata?
   b. Bakit kailangan mo silang pasalamatan?

# Aralin 4
# Hinto, Hintay, Tawid!

**Layunin:** Natutukoy ang iba't ibang paraan upang mapanatili ang kalinisan at kaayusan sa pamayanan at bansa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga babalang pantrapiko.

**Paksa:** Pagkamasunurin
**Nakalaang Oras:** 30 minuto bawat araw sa loob ng isang linggo.
**Mga Kagamitan:** larawan, krayola

**Pamamaraan:**




1. Simulan sa isang laro ang araling ito.
2. Idrowing sa mga **illustration board** o **sa coupon bond** ang mga babalang pantrpiko na nasa modyul pahina 181. Bigyan din ang mag-aaral ng **cut out** na nakasulat ang kahulugan nito upang itapat sa mga drowing.
3. Pasagutan sa mga bata nang pasalita ang mga tanong pagkatapos ng gawain.




1. Ipabasa sa mga bata ang kuwento. Maaari itong isadula tulad ng nakikita sa larawan.
2. Pag-usapan ang nasunod na mga batas trapiko na ipinakita ng mga tauhan. Itanong sa mga bata kung ano ang dapat nilang tandaan tungkol sa tamang pagsunod sa mga babalang pantrapiko.



## ISAGAWA NATIN

1. Gumawa ng mga batas pantrapiko na binabanggit sa mga sitwasyon gamit ang **illustration board**, krayola at gunting.
   a. Gabayan ang mga bata upang maisabuhay ang kuwento ng magkakibigang sina Kaloy, Pam, Lita, Red, at Carla.
   b. Maari itong isabuhay sa labas ng silid aralan (optional)
   c. Gawing makatotohanan ang mga sitwasyon sa pamamagitan ng paglalagay ng mga babalang pantrapiko gawa sa cardboard (optional.
   d. Iguhit din ang kalye at mga **landmarks**.



## ISAPUSO NATIN

1. Ipasulat sa papel ang kanilang payo sa mga batang nais tumawid subalit wala sila sa takdang tawiran.
2. Ipabasa ang kanilang payo sa harap ng klase.



## ISABUHAY NATIN

1. Sa isang **coupon bond**, ipasulat o ipaguhit sa mga bata ang mga babalang pantrapiko na dapat sundin araw-araw upang maging maayos ang ating pamayanan.
2. Itanong sa mga bata kung paano makakatulong ang pagsunod sa mga batas trapiko upang maging maayos ang ating bayan.
3. Bigyan ng pagkakataon ang mga bata na ipakita ang kanilang ginawa sa klase.




1. Pasagutan sa mga bata ang limang katanungan gamit ang kanilang sagutang papel.




1. Ipabasa ng sabay sabay ang gintong aral. Ipaskil ito sa isang bahagi ng silid aralan upang matandaan ng mga bata.
2. Ngayon ay alam mo na ang mga batas trapiko. Bakit kailangan itong sundin?

# Aralin 5
# Basura mo, Itapon ng Wasto!

**Layunin:** Natutukoy ang iba't ibang paraan upang mapanatili ang kalinisan at kaayusan sa pamayanan at bansa sa pamamagitan ng wastong pagtatapon ng basura.

**Paksa:** Pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan
**Nakalaang Oras:** 30 minuto bawat araw sa loob ng isang linggo.
**Mga Kagamitan:** larawan, krayola

**Pamamaraan:**




1. Simulan ang aralin sa isang awit sa himig ng 'Maliliit na Gagamba'.

Maliliit na basura
Ilagay sa bulsa
Pag-uwi ng bahay
Itapon ng tama.

2. Ipasuri sa mga bata ang mga larawan at pasagutan ito ng pasalita (**orally**). Talakayin kung bakit nila pinili ang kanilang sagot. Mahalagang ipamulat sa kanila ang wastong paraan ng pagtatapon ng basura.




1. Babasahin muna ng guro ang tula.
2. Ipabasa sa mga bata ng sabay-sabay bago ito talakayin.
3. Maaring magpost ng ng mga larawan na nagpapakita ng baha sanhi ng tambak ng basura. (mag-**surf** sa **internet** o mag-**download** ng mga **videos** na may kaugnayan sa aralin)

4. Itanong sa mag-aaral kung paano maiiwasan ang mga sakunang dulot ng maling pagtatapon ng basura. Ano ang kanilang gagawin sa mga basura sa paaralan at tahanan?



## ISAGAWA NATIN

1. Pangkatin sa apat ang klase at gabayan sila upang makapaghanda ng kanilang **output** sa loob ng 5 -10 minuto.
2. Bigyan ng mga ginupit na papel ang mga pangkat ayon sa kanilang kailangan. (pangkat 1- hugis ulap; pangkat 2- hugis **trash can**; pangkat 3 - hugis walis tambo; at pangkat 4 - hugis bilog na basahan). Gabayan ang bawat pangkat sa pagtalakay ng kanilang output sa loob ng 3 minuto. Iproseso at bigyan ng puna ang sagot ng bawat pangkat.



## ISAPUSO NATIN

1. Pasagutan sa papel ang Gawain 1 at talakayin sa klase ang kanilang mga sagot. Itanong kung bakit sila masaya o kung bakit hindi sila masaya sa bawat binasang sitwasyon.
2. Para sa Gawain 2, ipasulat ang kanilang pangako sa isang papel na hugis puso.
3. Pagawin sila ng bangkang papel bilang gawaing bahay upang magamit sa susunod na gawain.



## ISABUHAY NATIN

1. Ipaliwanag sa mga bata ang nasa larawan. Dapat nilang maunawaan na bilang bata ay may tungkulin sila upang maiwasan ang ganitong sitwasyon.
2. Sa loob ng bangkang papel ay ipasulat sa mga bata ang kanilang magagawang solusyon upang hindi magbara ang mga kanal sa kanilang pamayanan.
3. Ang Gawain 2 ay maaring ibigay bilang gawaing bahay upang matawag ang pansin ng magulang tungkol sa tamang pagtatapon ng basura.



## SUBUKIN NATIN

Gamit ang papel, pasagutan sa mga bata ang Subukin Natin pahina 194.



## GINTONG ARAL

1. Bakit kailangang itapon ng tama ang ating basura?
2. Ipabasa ng sabay sabay ang gintong aral.

# Aralin 6
# Luntiang Paligid Mo, Ligaya Sa Puso Ko!

**Layunin:** Natutukoy ang iba't ibang paraan upang mapanatili ang kalinisan at kaayusan sa pamayanan at bansa sa pamamagitan ng pagtatanim ng halaman sa paligid.

**Paksa:** Pagmamalasakit sa kapaligiran
**Nakalaang Oras:** 30 minuto bawat araw sa loob ng isang linggo.
**Mga Kagamitan:** larawan, krayola

**Pamamaraan:**




1. Simulan ang aralin sa paghahambing ng dalawang larawan na nasa modyul pahina 195. Hingin ang opinyon ng mga bata tungkol sa kapaligiran ng tahanan na nais nilang tirhan. Maaring magpakita ang guro ng mga larawan nang magagandang halaman buhat sa internet o sa mga magasin. Sa gagawing pagtalakay ay bigyang diin ang sumusunod na katanungan:
   a. Bakit mas kaakit-akit ang tahanang marami ang halaman sa paligid?
   b. Ano ang naibibigay sa atin ng halaman?




1. Ipaliwanag sa mga bata ang tungkol sa proyektong "Gulayan sa Paaralan".
   (Maari ding imbitahan ang tagapag-ugnay ng proyektong ito sa inyong klase upang ipaliwanag sa mga mag-aaral ang lahat ng tungkol dito.)
2. Hingin ang opinion ng mga bata hinggil sa proyekto at kunin din ang kanilang ideya kung paano sila makatutulong sa pagpapaunlad nito.
3. Ipadrowing sa mga bata ang paso at dito ipasulat ang kanilang sagot.



**ISAGAWA NATIN**

1. Itanong sa mga bata kung nakapunta na sila sa isang parke. Ipalarawan sa kanila ang napuntahan nilang parke o liwasan
2. Ipaliwanag sa mga bata na ang parke ay magiging maganda kung ito ay may mga halamang makukulay at malulusog.
3. Ipaayos sa mga bata ang parke ayon sa mga binigay na panuto sa modyul pahina 197 upang ito'y maging kaaya-aya.
4. Ipaskil ang **output** ng mga bata.



**ISAPUSO NATIN**

1. Magbalik- aral sa wastong pag-aalaga ng halaman. Pasagutan sa kuwaderno ang gawain sa modyul pahina 198 - 199.



**ISABUHAY NATIN**

1. Para sa Gawain 1, ipaliwanag sa mga bata ang **urban gardening** o ang pagtatanim ng gulay sa mga paso o sa mga **styro foam**. Maari ding mag-imbita ng tagapagsalita tungkol dito o kaya ay hanapin sa **internet**.
2. Ang Gawain 2 ay ibigay bilang gawaing bahay.
   a. Sabihin sa mga bata na ilista ang lahat ng magiging sagot ng kanilang tatanungin tungkol sa mahusay na paghahalaman.
   b. Gabayan sila upang maibahagi ang kanilang nalaman na mga paraan sa mahusay na paghahalaman.




1. Ipasulat sa mga bata ang tanong at pasagutan ito sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek o ekis sa unahan ng bilang.




1. Itanong sa mga bata: Ano ano ang naidudulot sa atin ng luntiang kapaligiran? Bakit kailangan nating magtanim ng mga halaman?
2. Ipabasa nang sabay-sabay ang "Gintong Aral". Maaaring sipiin ito sa isang kartolinang at ipaskil sa lugar na nakikita ng mga bata upang maisaulo at maisagawa.

# Aralin 7
# Kalinisan at kaayusan sa paaralan, pananatilihin ko!

**Layunin:** Ang mga mag-aaral ay nakikiisa sa anumang programa ng paaralan na makatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa pamayanan at bansa.

**Paksa:** Pagmamalasakit sa kapaligiran (*Care for theEnvironment*)
**Nakalaang Oras**: 30 minuto bawat araw sa loob ng isang linggo
**Mga Kagamitan:** larawan

**Pamamaraan:**




1. Simulan ang aralin sa pamamagitan nang paglalarawan ng mga bata sa kapaligiran ng inyong paaralan gamit ang mga larawan.
2. Sundan ito ng bukas na talakayan tungkol sa kahalagahan ng kalinisan sa paaralan. Asahan ang iba't ibang kasagutan.
3. Basahin nang tahimik ang tula "Sa Aming Paaralan", pahina 201 ng modyul.
4. Ipabasang muli ang tula nang malakas. Maaari itong gawing isahan o pangkatan.
5. Matapos basahin ang kuwento, pasagutan ang mga tanong sa modyul pahina 202.
6. Sa oras ng talakayan, sikaping maipaunawa sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng kalinisan sa paaralan.




1. Balikan ang tulang binasa "Sa Aming Paaralan".
2. Tanungin ang mga bata kung nakikiisa ba sila sa mga programa ng paaralan na nakatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng pamayanan at bansa.
3. Ipasuri sa mga bata ang mga sitwasyon sa pahina 202 – 203 ng modyul.

4. Magkaroon ng talakayan tungkol sa mga sumusunod na mga tanong:
    a. Ano-ano ang programang pampaaralan na nakakatulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng pamayanan at bansa?
    b. Paano ipinapakita ng mga mag-aaral ang kanilang pakikiisa sa programa ng paaralan?
    c. Bilang isang mag-aaral, bakit kailangan mong makiisa sa mga programa para sa kalinisan at kaayusan ng paaralan?
5. Bigyang-diin ang "**ating tandaan**". Ipabasa sa mga bata ng sabay-sabay hanggang sa ito ay matandaan nila.



**ISAGAWA NATIN**

1. Ipaguhit sa mga bata ang larawan sa loob na nagpapakita nang pakikiisa sa pagpapanatili sa kalinisan at kaayusan sa paaralan sa **Gawain 1** pahina204. Ipasulat sa kuwaderno kung anong gawain ang iginuhit na larawan. (Asahan ang iba't ibang kasagutan).
2. Matapos sagutan ang Gawain 1, pasagutan naman ang **Gawain 2,** pahina 205. Ipasuri sa mga bata ang mga pangungusap kung ito ay nagpapakita ng pakikiisa sa kalinisan at kaayusan ng paaralan. Gawin ito sa sagutang papel o kuwaderno. (Ang mga pangungusap na inaasahang may guhit na dustpan ( ) ay ang sumusunod na bilang: 1, 2, at 5; at walis naman ( ) para sa bilang 3 at 4.

3. Suriin ang kinalabasan. Kung maraming hindi pa nakaunawa sa aralin, bigyang muli ng pagsasanay.



**ISAPUSO NATIN**

1. Pasagutan ang tseklis sa mga bata sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek ( ✓) na angkop sa kanilang kasagutan.



## ISABUHAY NATIN

1. Ngayon ay alam na ng mga bata ang iba't ibang programa ng paaralan na makatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa pamayanan at bansa.
2. Ipasuri sa mga bata ang sitwasyon sa modyul pahina 207.
3. Ipasulat sa kuwaderno ang hinihingi ng pangungusap sa bawat bilang. Ang mga pangungusap na isusulat ay magsisilbing sariling pangako na susundin tungo sa pakikiisa sa kalinisan at kaayusan ng paaralan.



## SUBUKIN NATIN

1. Ipabasa ng malakas ang panuto sa "**Subukin**" pahina 207 – 209 ng modyul. Tiyaking naintindihan ito ng lahat. Ipasulat ang mga sagot sa sagutang papel.

2. Ang inaasahang sagot sa bawat bilang ay ang sumusunod: (1)B; (2)A; (3)B; (4)C; at (5)A.



## GINTONG ARAL

- Itanong sa mga bata:
- Sa inyong palagay, ano ang mabuting naidudulot ng kalinisan at kaayusan sa ating kalusugan? Bakit?
- Ipabasa ang "Gintong Aral". Ipliwanag ito. Maaaring sipiin sa kartolina at ipaskil sa "Sulok ng Kalinisan" sa silid aralan upang palaging Makita ng mga mag-aaral.

.

## Aralin 8
## Kalinisan at kaayusan sa pamayanan, pananagutan ko!

**Layunin:** Ang mga mag-aaral ay nakikiisa sa anumang programa ng pamayanan na makatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa pamayanan at bansa.

**Paksa:** Pagkakabuklod / Pagkakaisa
**Nakalaang Oras**: 30 minuto bawat araw sa loob ng isang linggo
**Mga Kagamitan:** larawan, krayola

**Pamamaraan:**




1. Pasimulan ang aralin sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga larawan ng mabubuting gawain sa kapaligiran.
2. Sundan ito ng talakayan tungkol sa kahalagahan ng kalinisan at kaayusan sa pamayanan. Asahan ang iba't ibang kasagutan.
3. Gabayan ng guro ang mga mag-aaral sa pagbasa ng diyalogo, pahina 210 – 211 ng modyul sa unang pagkakataon.
4. Tumawag ng dalawang (2) bata upang ipabasa muli ang diyalogo nang pabigkas hanggang sa matapos ito.
5. Matapos basahin ang diyalogo, pasagutan ang mga tanong sa modyul pahina 211 – 212.




1. Ipasuri sa bata ang ibat ibang larawan.
2. Tanungin ang mga bata kung nakikiisa ba sila sa anumang programa ng pamayanan na makatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa pamayanan at bansa.
3. Magkaroon ng talakayan tungkol sa sumusunod na mga tanong:
    a. Ano-ano ang ipinapakita ng bawat larawan?
    b. Nakikiisa ba ang mga mamamayan sa pagsunod sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng pamayanan?

c. Bilang isang mag-aaral, bakit kinakailangan mong makiisa sa pagpapanatili sa kalinisan at kaayusan ng ating pamayanan?

4. Bigyang-diin ang "**ating tandaan**". Ipagbasa sa bata ng sabay-sabay hanggang sa ito ay matandaan nila.



## ISAGAWA NATIN

1. Ipasuri sa mga bata ang mga sitwasyon sa **Gawain 1** pahina 213 - 215. Ipapili ang mga larawang nagpapakita ng pagpapanatili sa kalinisan at kaayusan ng pamayanan na tumutugon sa hinihingi ng bawat sitwasyon. Pasagutan ito sa mga bata sa sagutang papel o kuwaderno.
2. Suriin ang kinalabasan. Kung maraming hindi pa nakaunawa sa aralin, bigyang muli ng pagsasanay.



## ISAPUSO NATIN

1. Ipabasa ang mga pangungusap. Ipaguhit ang bituin (☆) sa kuwaderno. Pagkatapos ay pakulayan ito bituin kung gaano kadalas ginagawa ang sumusunod na gawain. Gamitin ang ibinigay na pamantayan.



## ISABUHAY NATIN

1. Ngayon ay alam na ng mga bata ang iba't ibang programa ng pamayanan na makatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa pamayanan at bansa.
2. Ipasuri sa mga bata ang iba't ibang sitwasyon tungkol sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng pamayanan. Pasagutan muli sa sagutang papel o kwaderno. Ang inaasahang sagot sa bawat bilang ay ang mga sumusunod: (1)C; (2)B; (3)B; (4)A; at (5)C.



## SUBUKIN NATIN

1. Ipabasa ng malakas ang panuto sa "**Subukin**" pahina 219 ng modyul. Tiyaking naintindihan ito ng lahat. Ipasulat ang mga sagot sa sagutang papel.

2. Ang mga bilang na may sagot na **Tama** ay 2, 3, 4, at 5; **Mali** naman ang bilang 1.



## GINTONG ARAL

1. Itanong sa mga bata:
   - Sa inyong palagay, ano ang lubos na kailangan ng ating pamayanan upang patuloy ang pag-unlad nito? Bakit?
2. Ipabasa nang sabay-sabay ang "Gintong Aral". Ipaliwanag ito. Hikayatinng isaulo ito ng mga bata. Maaaring sipiin ito sa isang kartolinang at ipaskil sa "Sulok ng Kalinisan" upang makita ng mga bata.

# Aralin 9
# Kapayapaan Sa Bayan Ko

**Layunin:** Naipakikita ang pagiging ehemplo ng kapayapaan

**Paksa:** Pagpaanatili ng kaayusan at kapayapaan
**Nakalaang Oras:** 30 minuto bawat araw sa loob ng isang linggo
**Mga Kagamitan: video clips**, tsart, **bond paper**

**Pamamaraan:**




1. Ipakita sa mga bata ang nasa larawan sa modyul pahina 220 - 221. Maaaring magpakita ng **video clips** na nagpapakita ng kawalan ng kapayapaan sa ating bansa.
2. Alamin at talakayin sa klase kung ano ang masasabi nila sa larawan at ano ang kanilang naramdaman sa pagkakita sa mga larawan/ sa pinanood na **video clip**.
3. Hingan ng kuro-kuro ang mga bata kung bakit nangyayari ito sa ating pamayanan at bansa. Ano ang maitutulong nila sa pagsulong ng kapayapaan sa ating bansa.




1. Ipabasa ang kuwento ni Mila.
2. Talakayin ang kuwento. Alamin ang mensahe sa kuwento. Paano ipinakita ni Mila ang pagiging ehemplo ng kapayapaan.
3. Ipaunawa sa mga bata na ang pagiging payapa natin sa sarili ay magdudulot ng kapayapaan sa ating pamayanan at bansa.



## ISAGAWA NATIN

1. Ipabasa ang mga sitwasyon na nasa modyul pahina 223 - 224.
2. Hingan ng kuro-kuro ang mga bata. Ipaliwanag ang kanilang sagot.



## ISAPUSO NATIN

1. Ipasuri sa mga bata ang kanilang sarili. Paano nila naipakikita ang pagiging ehemplo ng kapayapaan.
2. Pasagutan ang tsart na nasa modyul, pahina 224.



## ISABUHAY NATIN

1. Balikan ang sagot ng mga bata sa suriin ang sarili.
2. Base sa kanilang sagot, ipatukoy sa mga bata ang may pinakamaunting star.
3. Ipaguhit sa isang **bond paper** kung paano pa nila maipakikita ang pagiging ehemplo ng kapayapaan.
4. Palagyan ito ng marka sa kanilang mga kaklase, guro at magulang gamit ang panuntunan na nasa modyul, pahina 225.



## SUBUKIN NATIN

1. Pasagutan ang Subukin Natin na nasa modyul, pahina 226.



## GINTONG ARAL

1. Itanong:
    - Bakit dapat tayong maging halimbawa ng kapayapaan?
2. Ipabasa nang sabay-sabay ang "Gintong Aral". Maaaring sipiin ito sa isang kartolinang at ipaskil sa lugar na nakikita ng mga bata upang maisaulo at maisagawa.

# Yunit 4
# Pananalig sa Panginoon at Presensya sa Kabutihan

**Kabuuang pananaw:**

Nililinang sa Yunit na ito ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagpapasalamat sa lahat ng likha ng Panginoon at mga tinanggap na biyaya mula sa Kanya.

Sinasabi din na ang kabutihan ay hindi lamang pag-iwas sa masama at hindi din sa paggawa ng mabuti nang dahil lamang sa takot na maparusahan at lalong hindi sa inaasahang gantimpala. Ang taong lubos ang kabutihan ay ginagamit ang angking talino at kakayahan sa tamang paraan upang ito ay kanyang mapaunlad. Nagkakaroon siya ng tamang panuntunan sa buhay.Kapag naging lubos ang kanyang kabutihan siya ay magiging larawan at kahalintulad ng Panginoon.

Upang matugunan ang pananaw na ito ang ikaapat na yunit ay hinati sa anim na aralin:

Aralin 1 – Salamat po Panginoon!
Aralin 2 – Biyayang Pahahalagahan Ko
Aralin 3 – Kakayahan Ko, Gagamitin Ko
Aralin 4 – Talino at Kakayahan ko, Ibabahagi ko
Aralin 5 – Kasayahan kong Tulongan ang kapwa ko
Aralin 6 – Kakayahan at Talino mo, Pauunlarin mo

Sa pagtatapos ng mga aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

a. Natutukoy ang mga paraan ng pagbibigay halaga sa bigay ng Panginoon.
b. Nasasabi na dapat tayong magpahalaga sa mga biyayang tinanggap natin sa Panginoon.
c. Naipakikita ang pasasalamat sa mga kakayahan/talinong bigay ng Panginoon.

Iminumungkahing talakayin ang mga araling ito sa Yunit 2 sa loob ng siyam (9) na linggo o sa ikalawang kwarter ng taong panuruan.

# Aralin 1
# Salamat Po Panginoon!

**Layunin**: Natutukoy ang mga paraan ng pagbibigay halaga sa bigay ng Panginoon.

**Paksa**: Pagpapasalamat sa Panginoon
**Nakalaang Oras**: 30 minuto bawat araw sa loob ng isang linggo

**Mga Kagamitan:** larawan, krayola,

**Pamamaraan:**




1. Itanong sa mga bata kung paano nila ipinagdiriwang ang kanilang kaarawan. (Maaaring magkaroon ng **role playing** na **birthday party**)
2. Basahin nang tahimik ang kuwentong "Ang Kaarawan ni Karlo" sa pahina 228 - 229 ng modyul.
3. Ipabasa muli ang kuwento nang pabigkas sa bata ang bawat talata hanggang sa matapos ang buong kuwento.
4. Pasagutan ang sumusunod na tanong pagkatapos basahin ang kuwento:
    a. Bakit malungkot si Karlo sa kanyang ikapitong kaarawan?
    b. Ano ang nakita ni Karlo sa harap ng simbahan na biglang nakapagpabago sa kanyang nararamdaman?
    c. Dapat bang magpasalamat tayo sa Poong Maykapal? Bakit?
5. Sa oras ng talakayan, sikaping maipaunawa sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagbibigay halaga sa bigay ng Panginoon.

## ISAISIP NATIN

1. Ipasuri sa mga mag-aaral ang mga larawang nagpapakita ng pagbibigay halaga sa mga nilikha at kaloob ng Panginoon. Ipasulat sa nakalaang guhit sa bawat bilang ang ipinapakita ng bawat larawan.
2. Pag-usapan ang sumusunod na tanong:
   a. Ano ang ipinapakita ng bawat larawan?
   b. Bilang isang mag-aaral, sa paanong paraan mo binibigyang halaga ang biyayang ipinagkaloob ng Panginoon?
3. Bigyang-diin ang **ating tandaan**. Ipabasa sa bata ng sabay-sabay hanggang sa ito ay maisaisip nila.

## ISAGAWA NATIN

1. Ipabasa ang mga sitwasyon na nagpapakita ng pagbibigay halaga sa mga nilikha ng Diyos at sa mga biyayang ipinagkaloob Niya sa atin sa Gawain 1 pahina 231 - 232 ng modyul. Piliin ang larawang tumutugon sa nabanggit na sitwasyon.
2. Pasagutan ang **Gawain 2** pahina 233 - 234. Ipabasa sa mga bata ang iba't ibang sitwasyon. Pasagutan muli sa sagutang papel o kuwaderno. (Ang sagot sa bilang 1, at 3 ay letrang C; sa bilang 2 at 4 naman at letrang B; at letrang A sa bilang 5).
3. Suriin ang kinalabasan. Kung maraming bata pa ang hindi nakaunawa ng aralin, maaaring bigyang muli ng karagdagang pagsasanay.

## ISAPUSO NATIN

1. Pasagutan ang bawat bilang sa pamamagitan ng paglalagay ng puso sa hanay kung gaano kadalas ginagawa ng mga bata ang nagpapakita ng pagbibigay halaga sa mga nilikha ng Diyos at sa mga biyayang ipinagkaloob Niya sa atin.
2. Asahan ang iba't ibang kasagutan.



## ISABUHAY NATIN

1. Ngayon ay alam na ng mga bata ang kahalagahan ng pagbibigay halaga sa mga nilikha ng Diyos at sa mga biyayang ipinagkaloob Niya sa atin.
2. Sumulat ng isang maikling panalangin bilang pasasalamat sa mga biyayang ipinagkaloob sa atin ng Panginoong Maykapal.



## SUBUKIN NATIN

1. Ipabasa ng malakas ang panuto sa "Subukin Natin" pahina 237 ng modyul. Tiyaking naintindihan ito ng lahat. Ipasulat ang mga sagot sa sagutang papel.

2. (Ang mga bilang na may sagot na tama ay 1, 2 at 5; at mali naman para sa bilang na 3 at 4.)



## GINTONG ARAL

1. Itanong sa mga bata:
    - Sa inyong palagay, ano ang dapat ninyong gawin sa mga biyayang ipinagkaloob ng Poong Lumikha? Bakit?
2. Ipabasa nang sabay-sabay ang "Gintong Aral". Maaaring sipiin ito sa isang kartolinang at ipaskil sa lugar na nakikita ng mga bata upang maisaulo at maisagawa.

# Aralin 2
# Biyayang Pahahalagahan Ko

**Layunin:** Nasasabi na dapat tayong magpahalaga sa mga biyayang natatanggap sa araw-araw

**Paksa:** Pagpapasalamat sa Panginoon

**Nakalaang Oras:** 30 minuto bawat araw sa loob ng isang linggo

**Mga Kagamitan:** sagutang papel, **manila paper**, **venn diagram**

**Pamamaraan:**




1. Simulan ang aralin sa isang awit pasasalamat. (*mungkahing awit: Pagkagising sa umaga*)

**Pagkagising sa Umaga**

Pagkagising sa umaga
Hesus ikaw ang nasa isip
Kaya't buong katawan ko'y
Punong puno ng pag-ibig

Katawan ko'y napapaindak
Puso ko'y umaawit
Ang mga kamay ay kumakaway
Sa tugtuging makalangit

Beywang ko'y kumekembot
Paa ko'y nagcha cha cha
Mga kamay kumakaway
Nagpupuri buong sigla
Lumulundag pa sa tuwa
Sumasayaw kumakanta
Ito ang tanging alay ko sa iyo Ama

2. Ipabasa ang kuwentong "Salamat Po!" pahina 238 - 239 ng modyul. Talakayin kung ano-ano ang mga biyayang natanggap at pinagpasalamat ni Lisa.
3. Paunlarin ang talakayan. Ihambing ang gawain ni Lisa sa ginagawa ng mga bata.




1. Ipatala sa kuwaderno ang mga biyayang natatanggap nila mula sa paggising sa umaga.
2. Pakuhanin ng kapartner ang bawat bata. Pag-usapan ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga biyayang tinatanggap nila. Gamitan ito ng **Venn Diagram**.
3. Alamin sa mga bata kung ano ang kanilang gagawin sa mga tinanggap na mga biyaya.
4. Lagumin ang aralin sa pagbibigay ng **ating tandaan** sa modyul pahina 240.




1. Muling balikan ang mga paraan ng mga bata kung paano nila pinahahalagahan ang mga biyayang natatanggap nila sa araw-araw.
2. Ipasagot sa mga bata sa kanilang kuwaderno ang gawain sa modyul pahina 241 - 242.




1. Magpagawa ng isang panalanging pasasalamat para sa mga biyayang tinatanggap nila sa araw-araw. Ipasulat ito sa kanilang kuwaderno.



## ISABUHAY NATIN

1. Hatiin ang klase sa apat na pangkat.
2. Bigyan ng sitwasyong pag-uusapan ang bawat pangkat. Ipakita sa pamamagitan ng dula-dulaan ang kanilang paraan ng pagpapahalaga at pasasalamat sa sitwasyong ibinigay sa kanila.



## SUBUKIN NATIN

1. Tayahin ang natutunan ng mga bata sa pamamagitan ng pagsagot ng “Subukin Natin” sa modyul pahina 242.



## GINTONG ARAL

1. Ano ang dapat nating gawin sa mga biyayang ating natatanggap sa araw-araw? Bakit?
2. Ipabasa nang sabay-sabay ang “Gintong Aral”. Maaaring sipiin ito sa isang kartolina at ipaskil sa lugar na nakikita ng mga bata upang maisaulo at maisagawa.

## Aralin 3
## Kakayahan Ko, Gagamitin Ko

**Layunin:** Naipakikita ang pasasalamat sa mga kakayahan at talinong bigay ng Panginoon.

**Paksa:** Paggamit ng talino at kakayahan

**Nakalaang Oras:** 30 minuto bawat oras sa loob ng isang linggo.

**Mga Kagamitan:** krayola, larawan, **manila paper**

**Pamamaraan:**

1. Mula sa pagpapahalaga sa mga biyayang natatanggap natin sa araw-araw, gabayan ang mga bata sa wastong paggamit ng talino at kakayahan na ipinagkaloob sa kanila.
2. Itanong:
   - Mahusay kabang sumayaw? Umawit? Gumuhit?
   - Naranasan mo na bang manalo sa isang kompetisyon?
3. Pag-usapan ang mga kasagutan ng klase.
4. Ipasuri sa mga bata ang nasa larawan. Ano ang ginagawa ng bawat bata?
5. Ipaunawa sa mga bata ang nais iparating ng mga larawan.




1. Tanungin ang mga bata kung ano-anong gawain ang nasa larawan.
2. Bigyan ng pagkakataon ang klase na pangalanan ang mga ito.
3. Pagkatapos ay tanungin sila kung alin sa mga talino at kakayahan sa larawan ang taglay din nila.
4. Pasagutan ang pagsubok. Ipaliwanag sa klase ang paraan ng pagsasagot.
5. Talakayin ang mga naging kasagutan ng klase.
6. Iugnay ito sa aralin.



## ISAISIP NATIN

1. Ganyakin ang klase sa pamamagitan ng pagpapakita ng larawang iginuhit ng isang bata gamit ang kamay.
2. Itanong:
    - Sino sa inyo ang mahusay gumuhit?
    - Paano ninyo ito pinapahalagahan at ginagamit?
3. Ipabasa ang maikling kuwento "Ang Aking Kakayahan" pahina 248 - 249 ng modyul.
4. Pag-usapan ang kasagutan sa mga tanong tungkol sa kuwento.
5. Pasagutan ang kasunod na pagsubok. Ipaliwanag sa klase ang paraan ng pagsasagot.
6. Talakayin ang mga naging kasagutan ng klase.
7. Pag-usapan ang nilalaman ng **ating tandaan**.



## ISAGAWA NATIN

1. Hatiin ang klase ayon sa talino at kakayahan na taglay nila.
2. Ipagawa ang gawain sa pamamagitan ng pagbibigay impormasyon ayon sa hinihingi ng panuto.
3. Ipaskil sa pisara at ipaulat sa klase ang ginawa ng bawat pangkat.
4. Pag-usapan ang naging ulat ng bawat pangkat.



## ISAPUSO NATIN

1. Ipasuri ang naramdaman ng bawat bata sa ginawang paglalahad ng bawat pangkat tungkol sa kani-kanilang angking talino at kakayahan.
2. Pakulayan ang mukha na naglalarawan sa kanilang naramdaman.
3. Bigyan ang mga bata ng oras upang sagutin ito at pagkatapos ay hayaan silang ipaliwanag ang kanilang mga naging kasagutan sa klase.



## ISABUHAY NATIN

1. Ipabasa sa mga bata ang katanungan sa modyul pahina 253 at bigyan sila ng sapat na oras upang sagutin ito.
2. Ipasulat ang kanilang paliwanag sa loob ng kahon.
3. Talakayin ang mga kasagutan.



## SUBUKIN NATIN

1. Ipasagot ang "Subukin Natin" na nasa pahina 254.



## GINTONG ARAL

1. Itanong:
    - Ginamit mo na ba ang iyong kakayahan sa mabuting paraan?
2. Ipabasa nang sabay-sabay ang "Gintong Aral". Maaaring sipiin ito sa isang kartolinang at ipaskil sa lugar na nakikita ng mga bata upang maisaulo at maisagawa.

# Aralin 4
# Talino at Kakayahan Ko, Ibabahagi Ko

**Layunin:** Naipakikita ang pasasalamat sa mga talino at kakayahang bigay ng Panginoon.

**Paksa:** Pagbabahagi sa iba ng taglay na talino at kakayahan.
**Nakalaang Oras:** 30 minuto sa bawat oras sa loob ng isang linggo.
**Mga Kagamitan:** larawan, krayola

**Pamamaraan:**




1. Simulan ang aralin sa pamamagitan ng pagpapakita ng larawan ng mga sikat na personalidad dito sa bansa na kilalang-kilala ng mga mag-aaral:

    a. Lea Salonga
    b. Manny Pacquiao
    c. Lydia de Vega
    d. Sarah Geronimo
    e. Paeng Nepomuceno
    f. Angeline Quinto

    Bakit kilala ang mga taong ito? Ano-ano ang mga tangi nilang kakayahan at talino? Ibinabahagi ba nila ito sa iba? Paano?

2. Pag-usapan ang bawat personalidad. Itanong kung paano nila ibinabahagi ang kanilang talino at kakayahan sa mga tao.

    Bigyang halaga ang kahalagahan at magandang dulot ng pagbabahagi ng angking talino at kakayahan sa iba. Magbigay ng marami pang halimbawa at sitwasyon na may kinalaman dito.

3. Bigyan ng pagkakataon ang mga bata na makapagkuwento tungkol sa pagbabahagi nila ng talino at kakayahan sa iba.

Upang makapagkuwento ang lahat ng bata, hayaan silang humanap ng kapareha na mapagkukuwentuhan. Hikayatin sa pagsasalita ang bawat mag-aaral.

4. Pumili ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang kuwento sa harap ng klase.



## ISAISIP NATIN

1. Sa pagsisimula ng aralin sa bahaging ito, magpakita ng larawan ng mga batang may natatanging talino at kakayahan. Ikuwento ang gawain ng mga bata sa larawan.

2. Magkaroon ng talakayan sa kung paano naibahagi ng bawat bata sa larawan ang kanilang kakayahan sa iba. Ilahad kung ano ang magandang naidulot nito sa kanilang sarili at sa ibang tao.

3. Bigyang-diin ang mga konseptong dapat nilang tandaan sa araling ito.



## ISAGAWA NATIN

1. Pangkatin ang klase sa apat. Hayaan sila na pag-usapan ang kani-kanilang talino at kakayahan.

2. Magkaroon ng maikling dula-dulaan ang bawat pangkat tungkol sa pagbabahagi ng talino at kakayahan sa iba.

3. Pag-usapan ang mga sitwasyon na nasa dula-dulaan ng mga bata.

4. Tapusin ang aralin sa pamamagitan ng pagbibigay ng papuri sa pangkat na may pinakamahusay na pagtatanghal.



### ISAPUSO NATIN

1. Ilahad ang isang kuwento tungkol sa magpinsang Mia at Yana. Ipakita ang larawan ng dalawang bata habang nagkukuwento.

2. Pag-usapan ang mga detalye sa kuwento.
   a. Sino ang magpinsan sa kuwento?
   b. Ano-ano ang mga kakayahan nila?
   c. Paano ito ibinabahagi ni Mia sa iba? Ganito rin ba ang ginagawa ni Yana?
   d. Magkapareho ba ng ugali sina Mia at Yana?
   e. Sino kina Mia at Yana ang tutularan mo? Bakit?

3. Hanguin mula sa pananaw ng mga bata ang kahalagahan ng pagbabahagi ng talino at kakayahan nila sa iba. Ano-ano ang magagandang maidudulot nito sa kanila?

4. Maaaring tapusin ang aralin sa pamamagitan ng isang paglalagom. Ipabasa sa mga bata ang mga dapat nilang tandaan.



### ISABUHAY NATIN

1. Ilahad ang pagsasanay sa modyul pahina 261. Ipasagot ito sa mga bata.

2. Talakayin ang ibinigay na kasagutan ng mga bata. Sa kanilang mga sagot matataya ng guro kung naisabuhay na ng mga bata ang pagbabahagi nila ng talino at kakayahan sa iba, pati na rin ang mga magandang maidudulot nito sa lahat.



## SUBUKIN NATIN

1. Tayahin ang kaalaman ng mga bata tungkol sa aralin.
2. Pasagutan ang "Subukin Natin" sa pahina 262 ng modyul.
3. Talakayin ang kasagutan ng mga bata. Kung may kasagutang mali, pahapyaw itong talakayin muli upang matiyak na natutuhan nila ng mataman ang aralin.



## GINTONG ARAL

1. Itanong:
    - Nakapagbahagi ka na ba ng iyong kakayahan at talino ng may pagmamahal sa iyong kapwa? Sa papaanong paraan?
2. Ipabasa nang sabay-sabay ang "Gintong Aral". Maaaring sipiin ito sa isang kartolina at ipaskil sa lugar na nakikita ng mga bata upang maisaulo at maisagawa.

# Aralin 5
# Kasiyahan Ko, Tulungan Ang Kapwa Ko

**Layunin:** Naipakikita ang pasasalamat sa mga talino at kakayahang bigay ng Panginoon.

**Paksa:** Pagtulong sa kapwa

**Nakalaang Oras:** 30 minuto sa bawat araw sa loob ng isang linggo.

**Mga Kagamitan:** larawan, krayola

**Pamamaraan:**




1. Simulan ang aralin sa pagpapakita ng iba't ibang larawan.
2. Itanong:
    - Ano ang nakikita ninyo sa mga larawan?
    - Ginagawa ba ninyo ang mga ganitong gawain sa inyong kapwa?
    - Ano ang naramdaman mo matapos mo silang tulungan?
3. Muling magpakita ng mga larawan. Larawan ng dalawang magkaibang bata, ang isa ay mahirap at ang isa ay mayaman.
4. Itanong:
    - Sino sa dalawa ang nangangailangan ng tulong?
    - Bakit mo nasabi na kailangan niya ng tulong?
    - Paano mo siya matutulungan?

5. Pag-usapan ang mga kasagutan ng buong klase.
6. Pasagutan ang Gawain 1 sa Alamin pahina 264 modyul. Gabayan ang mga bata sa kanilang pagsasagot.
7. Bigyan ng pagkakataon ang bawat bata na makapagkuwento ng tungkol sa kanilang karanasan na may kaugnayan sa aralin. Hayaan silang humanap ng kapareha na mapagkukuwentuhan. Pagkatapos ay ibahagi sa buong klase ang napag-usapan.



**ISAISIP NATIN**

1. Ganyakin ang mga bata sa pamamagitan ng pagpapabasa ng tulang may pamagat na "Pagtulong sa Kapwa". Hayaan ang mga bata na bumasa ng maramihan pagkatapos ay pumili ng ilang mag-aaral na babasa ng isahan sa unahan.
2. Talakayin ang tula sa pamamagitan ng ilang katanungan.
   Sagutin:
   - Tungkol saan ang binasang tula?
   - Sino-sino ang nangangailangan ng tulong?
   - Paano mo sila matutulungan?
   - Ano-ano ang mabubuting maidudulot sa iyo ng pagtulong sa kapwa?

3. Pag-usapan ang naging kasagutan ng mga bata. Hayaan sila na magbigay ng kanya-kanyang opinyon ukol dito.
4. Bilang pagtatapos sa bahaging ito, ipabasa sa mga bata ang dapat nilang tandaan.



**ISAGAWA NATIN**

1. Simulan ang aralin sa pamamagitan ng pagbibigay ng iba't-ibang sitwasyon sa mga bata.
2. Hayaan ang mga bata na humanap ng kanilang kapareha upang mapag-usapan ang mga kailangan nilang gawin sa mga nabanggit na sitwasyon.
3. Pumili ng ilang pareha na magbabahagi ng kanilang mga napag-usapan.
4. Ihambing ang kasagutan ng mga bata sa isa't isa at magkaroon ng talakayan.
5. Ilahad ang mga pagsasanay sa modyul pahina 267 - 268. Gabayan ang mga bata sa pagsasagot ng mga ito.



**ISAPUSO NATIN**

1. Ipaliwanag sa mga bata ang kahalagahan ng pagtulong sa kapwa.
2. Itanong sa klase kung sila ay nakatulong na sa kapwa.
3. Iugnay ito sa gagawing "Puno ng Pagmamahal." Gabayan ang mga bata sa kanilang gagawin.
4. Gumuhit ng isang malaking puno. Bigyan ng ginupit na puso ang bawat bata. Ipasulat dito ang mga nagawang pagtulong nila sa kapwa. Ipadikit ito sa palibot ng malaking puno.
5. Bilang pagtatapos ng aralin ipabasa sa mga bata ang dapat nilang tandaan.



**ISABUHAY NATIN**

1. Pasagutan ang Gawain sa modyul pahina 269. Hatiin ang mga bata sa limang pangkat. Bawat pangkat ay magsasadula ng mga sitwasyon na may kaugnayan sa pagtulong sa kapwa.
2. Bilang pagtatapos ng aralin, bigyan ng parangal ang pangkat na may pinakamagandang pagtatanghal.



**SUBUKIN NATIN**

1. Ipasagot ang pagtataya sa pahina 270 ng modyul.
2. Buuin ang mga pangungusap. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.



**GINTONG ARAL**

1. Itanong:
    - Nakatulong ka na bas a iyong kapwa? Ano ang naramdaman mo matapos mo itong gawin?
2. Ipabasa nang sabay-sabay ang "Gintong Aral". Maaaring sipiin ito sa isang kartolina at ipaskil sa lugar na nakikita ng mga bata upang maisaulo at maisagawa.

# Aralin 6
# Kakayahan at Talino Mo, Paunlarin Mo!

**Layunin:** Naipakikita ang pasasalamat sa mga talino at kakayahang bigay ng Panginoon.

**Paksa:** Pagpapaunlad ng talino at kakayahang bigay ng Panginoon
**Nakalaang Oras:** 30 minuto bawat araw sa loob ng isang linggo.

**Mga Kagamitan:** larawan

**Pamamaraan:**

1. Mula sa pagpapahalaga sa mga biyayang natatanggap natin sa araw-araw, gabayan ang mga bata tungkol sa tamang paraan upang lalo pa nila mapapaunlad ang kanilang mga talino at kakayahan.
2. Itanong:
    a. Ikaw ba ay may natatanging talino at kakayahan?
    b. Masaya ka ba sa talino at kakayahang mayroon ka?
    c. Sa paanong paraan mo ginagamit at pinauunlad ang mga biyayang bigay sa iyo ng Panginoon?
3. Pag-usapan ang mga kasagutan ng klase.
4. Ipasuri sa mga bata ang nasa larawan. Ano ang ginagawa ng bawat bata?
5. Ipaunawa sa mga bata ang nais iparating ng mga larawan.



## ALAMIN NATIN

1. Tanungin ang mga bata kung ano-anong gawain ang nasa larawan.
2. Bigyan ng pagkakataon ang klase na pangalanan ang mga ito.
3. Itanong:
    a. Nakasali ka na ba sa isang paligsahan? Samahan ng mang-aawit o mananayaw? Programa ng komunidad?
    b. Ano ang natutunan mo sa ganitong gawain?
4. Talakayin ang mga naging kasagutan ng klase.
5. Iugnay ito sa aralin.



## ISAISIP NATIN

1. Ganyakin ang klase sa pamamagitan ng pagbasa ng tulang "Munting Bata" pahina 273 ng modyul.
2. Itanong:
   a. Ano-anong talino at kakayahan ang taglay ng munting bata?
   b. Sino ang dapat nating pasalamatan sa mga biyayang mayroon tayo?
   c. Sa paanong paraan mo ipinakikita ang pagpapasalamat para sa mga ito?
3. Pag-usapan ang kasagutan sa mga tanong.
4. Bigyang-diin sa talakayan ang mga konseptong **dapat tandaan**.



## ISAGAWA NATIN

1. Ipagawa ang gawain sa modyul pahina 274 - 275.  Isulat ang sagot sa kuwaderno.
2. Talakayin ang mga naging kasagutan ng klase.
3. Hikayatin ang klase na magbigay halimbawa ng mga gawain na maaring makapagpaunlad ng talino at kakayahan ng isang tao.



## ISAPUSO NATIN

1. Ipasuri ang naramdaman ng bawat bata ukol sa kanilang paglahok sa mga gawaing nakapagpapaunlad ng talino at kakayahan ng kanilang nasalihan.
2. Pakulayan ang mukha na naglalarawan sa kanilang naramdaman.
3. Bigyan ang mga bata ng oras upang sagutin ito at pagkatapos ay hayaan ipaliwanag nila ang kanilang mga naging kasagutan sa klase.



## ISABUHAY NATIN

1. Ipabasa sa mga bata ang katanungan at bigyan sila ng sapat na oras upang sagutin ito.
2. Ipasulat ang kanilang paliwanag.
3. Talakayin ang mga kasagutan.



## SUBUKIN NATIN

1. Palagyan ng tsek sa mga bata ang tamang hanay na nagsasabi ng kanilang sagot.
2. Bigyan ang mga bata ng oras upang sagutin ito at pagkatapos ay hayaang ipaliwanag ang kanilang mga naging kasagutan sa klase.



## GINTONG ARAL

1. Itanong:
   - Paano mo pauunlarin ang iyong talino at kakayahan?
2. Ipabasa nang sabay-sabay ang "Gintong Aral". Maaaring sipiin ito sa isang kartolinang at ipaskil sa lugar na nakikita ng mga bata upang maisaulo at maisagawa.